
# Table of Contents

*The One She Didn't See*

*The Stranger Who Kept Her Secret*

*The Man She Couldn't Forget*

*Buy your copies here.*


The One She Didn't See
VANESSA

"Masakit ba talagang magmahal?" tanong ni Esmeralda sa bagong dating, si Kiko, ang kapitbahay niya at itinuturing na proxy best friend mula nang mag-asawa ng Kastila ang kakambal nitong original BFF niya, si Kikay.

"Pambihira namang tanong `yan, Inday. Gutom lang `yan. Ano'ng ulam?" tugon nito.

Napaingos siya, saka ibinalik ang atensiyon sa pinipritong isda.

"Uy, bangus at GG. Sarap niyan!"

Nilingon niya ito. Nasa mismong likuran niya ang lalaki. Matagal na niyang

na-train ang sariling huwag mailang sa malaking bulto nito, sa presensiya nito. Malaking lalaki si Kiko, tisoy, halatang may lahing puti dahil purong Kastila ang lola.

Umingos siya at itinuro ang mga talbos sa mesa.

"Duty mo, naghihintay sa `yo."

Alam na alam na nito ang gagawin; nagsimulang himayin ang talbos ng kamote.

"Tumawag si Kikay." Hawak nito ang talbos, nilalagay sa malaking stainless colander ang mga nahimay na. Expert ang lalaki sa pagluluto pero palaging sa kanya nakikikain ever since.

"Sa akin din. May padala daw siya. Sabi ko nga, bakit hindi na lang afam ang ipadala." Napahagikgik siya.

Umismid si Kiko. "Diyan ka magaling,

sa love life. Parang hindi mabubuhay kung walang live life. Palagi namang bigo."

Napalabi siya sa kantiyaw nito. "Ang yabang mo. Ikaw nga, matandang binata na."

"Halos magkasing-edad lang tayo."

"Mas matanda pa rin kayo sa `kin ng tatlong taon," katwiran niya.

"Siya, siya, bata ka pa kung bata," anitong parang natatawa.

Nakilala niya ang kapatid nito noong college siya. Sa Sikatuna Village siya nakatira, habang si Kikay naman ay bagong lipat sa bahay sa kaparehong block. Walking distance ang mga tirahan nila. Isang umagang bumibili siya sa bakery ng pandesal, nandoon din si Kikay. Naghahanap ito ng Bayad Center. Hindi rin alam ng tindera kung saan meron kaya siya ang sumagot. Mula roon, naging

friends na sila. Pareho pala silang sa UP nag-aaral. Sa probinsiya nakatira ang pamilya nito at ito lang ang sa Quezon City.

Ten years ago iyon. Twenty-one siya at graduating; twenty-four naman ito, UP College of Law. Pero hindi nagpatuloy sa abogasya si Kikay dahil nang magbakasyon sa Madrid, kung saan naman naroon si Kiko noon, ay nabuntis at nagdesisyong doon na manirahan. Si Kiko naman ang umuwi ng Pilipinas at tumira sa bahay ng mga ito sa Sikatuna. Five years ago na iyon, kahit pa nga eight years na silang magkakilala ni Kiko dahil una pa lang na dumalaw kay Kikay ay pinakilala na sa kanya.

Sa totoo lang, nalaglag ang salawal niya noon, low-key niyang pinagnasahan si Kiko. Pero binura din niya agad ang

pantasya dahil parang tropa agad sila. Bukod doon, may girlfriend ito noong panahong iyon. Nahiya rin siya kay Kikay dahil baka sabihin na best friend siya `tapos mananalo ng kapatid. Eeew. Hindi siya ganoong klaseng kaibigan.

"Anong gagawin dito sa papaya?" tanong ng lalaki, nakakunot ang noo.

"Kadkarin mo na lang, gagawin nating Thai papaya salad. Ikaw na ang magtimpla. May dayap diyan."

Agad tumalima ang lalaki. Alam na nito kung saan kukunin ang kadkaran at dikdikan.

"Uuwi ako sa katapusan. Gusto mong sumama?" tanong ng lalaki mayamaya.

Nilingon niya ito. Hawak nito ang kadkaran sa isang kamay, ang hiniwang papaya sa kabila. Sanay na siya sa panaka-nakang maruruming ideyang pumapasok

sa isip niya kapag ganoong nakikita niya ang katawan nitong gumagalaw at naikokonekta niya sa mga makamundong bagay. Pumihit din siya agad. Bawal pagnasahan si Kiko. Sa gabi lang kung minsan, aminado siyang ito ang laman ng pantasya niyang... *medyo bastos.*

Pero hindi ba, lahat naman ng tao may pantasyang ganoon? Hindi naman ibig-sabihin na ang partikular na tao sa pantasya ng isang babae ay iyon na rin talaga ang gusto nito. Nabasa niya iyon sa isang article. May mga tao nga raw na iyong kaaway pa ang pantasya pagdating sa ganoon. At ang mga ganoong maduduming isipin patungkol sa kanyang proxy best friend ay wala nang ibang makakaalam kundi siya lang.

"Sa katapusan? Baka hindi ako makasama kasi pinapauwi ako ni Mama."

Sa Laguna nakatira ang mama niya. May munti silang farm doon. Fifteen siya nang pumanaw ang kanyang ama. Eighteen siya nang makapangasawa ng taga-Laguna ang mama niya. Mula noon, nag-iisa na siya sa Quezon City.

Si Kiko naman ay non-practicing na abogado. Kapapasa pa lang nito sa bar two years ago. Tinapos lang nito dahil gusto raw ng parents nitong magkaroon ng isang abogado sa pamilya. Ang totoo, businessman at heart si Kiko. Lahat ng pasukin nitong negosyo, nagtatagumpay. Sa ngayon ay mayroon itong malaking Spanish restaurant sa BGC. Bukod doon, may chain ito ng iba't ibang fast food restaurants at franchiser ng food stalls. Ito rin ang may hawak ng gasoline station franchise ng pamilya. Sa mga probinsiya ay mayroon din itong generic drugstores.

Distributor din ito ng Spanish food products. Lahat ng iyon at marami pang iba ay nasa ilalim ng dalawang korporasyon ng pamilya.

Kung ano ang ginagawa nito sa bahay niya para makikain ng pritong GG, simple lang—nakikita siya nito bilang matalik na kaibigan, tulad ng kakambal nito. Kahit pa nga ang layo ng personalidad niya kay Kiko, bagaman madami silang similarities ni Kikay. Ang Kastilaloy na Wonder Twins, parang nakatagpo ng pet. At siya iyon. Happy siya sa dalawa dahil spoiled siya sa mga ito. Wala siyang balak wasakin ang samahan nila dahil sa pagkakaroon ng crush sa isang kambal kaya noon pa, nagdesisyon na siyang ibasura ang ganoong kalokohang ideya. May mga bagay na mas importante sa mundo kaysa sa crush, at iyon ay ang pagkakaibigan. Hindi na siya

makakatagpo ng mga taong kasingbait ng dalawa kaya hindi niya wawasakin.

"Magtatagal ka ba sa Cebu?" tanong niya.

"Five days lang. May pag-uusapan lang kaming mga kontrata. Gusto yatang ibenta kay Ate `yong katabing building ng clinic kaya pag-uusapan."

"Clinic" ang tawag ng mga ito sa malaking pribadong ospital sa probinsiya. Nagsimula kasi sa klinika noong araw, sa lolo ni Kiko na isang doktor, iyong nakapangasawa ng Spanish tourist na lola ng kambal. Ang parents ng kambal, maging ang tatlong nakatatandang kapatid, lahat ay doktor. Itong bunsong kambal, abogado at housewife. Ever since, tamad mag-aral si Kikay, pero ito ang pinakamasaya ang personal life sa lahat siguro. Lahat ng mga doktor nitong

kapatid ay mga hiwalay na sa asawa. Kuwento nito, may common denominator ang tatlo, lahat nag-asawa ng underachievers kahit ang mga ito ay overachievers. Madalas sabihin noon ng kaibigan niya sa kanya, ayaw nitong maging overachiever tulad ng mga kapatid dahil baka hindi rin maging happy. Siyempre, nagbibiro lang ito. Ang totoo, creative na tao si Kikay, tulad niya. Sila iyong tipo ng taong hindi ganoon kaimportante sa kanila ang salapi. Pero siguro, mula lang iyon sa punto de vista ng mga taong may privilege na tulad nila. Pareho silang maykaya ang pamilya. Pero kumpara sa Wonder Twins, lalabas na dukha siya.

"Uwian mo \`ko, ha?"

"Ano'ng gusto mo bukod sa danggit, pusit, at guinamos?" Saulado na nito ang

palagi niyang add to cart dito.

"Afam," biro niya.

"Hay," may tunog nitong buntong-hininga. "Sige na. Ikuwento mo na. Alam ko namang kahit pigilan ka, hindi ka paaawat."

Napaismid siya, hinango ang galunggong sa kawali, saka nagsalang ng panibagong batch.

"Break na kami ni Chris."

"Sino ba `yon?" tanong nitong parang nakaamoy ng mabantot.

"Parang sira `to. `Yong ka-chat ko."

"Ang dami kasi, hindi ko na ma-track. Igagawa kitang spreadsheet para mas mabilis kong maintindihan kung sino ang sinasabi mo."

"Buwisit!" sambit niyang natawa rin agad.

"Ewan ko sa `yo, Inday, at para kang

mauubusan kung mangolekta ka ng problema."

Natatawa pa rin siya nang irapan ito. "Problema" ang tawag nito sa mga "lalaki" niya. Aminado naman siyang jowang-jowa na siya, iyong jowang totoo ba. Ayaw niya ng mga pansamantala. At paano naman siya makakakita ng pangmatagalan kung ang buhay niya ay shop-bahay. Eh, ang shop niya, nasa unahan lang ng bahay niya! Siyempre, kailangan niyang gumawa ng paraan. Salamat sa internet at sa mga gumawa ng dating apps.

"Ilang ulit na kitang pinagsasabihan na hindi ka makakakita ng matino diyan sa style mo. Ang mga tao ngayon, nasa dating app para maghanap ng alam mo na."

"Bakit mo alam? Gawain mo siguro," ingos niya.

"Tumigil ka," anito, umismid, astang

sawa na siyang sawayin.

"Ano, makikinig ka ba o maiinis?"

Ito naman ang natawa, saka tumango habang nagkakadkad ng papaya. "Sige, isalaysay mo na."

Natatawa pa rin siya nang magsimula. Dumampot siya ng isa pang chopping board at kutsilyo, saka naupo sa tapat ng lalaki. Naagaw ng biceps nito ang atensiyon niya. Parang kayang manakal ng leon niyon. Bigla siyang napalunok saka tumingin sa mukha nito. Buti hindi ito sa kanya nakatingin.

"Niyaya niya ako sa church," panimula niya, muntikan nang makidlatan.

Napangisi ito. "Wow, bagong style."

"Makikinig ka o ano?"

"Sige lang."

"`Ayun nga, parang natuwa ako kasi maka-Diyos. Ang ganda ng pangalan ng

church. Pag-attend ko, gusto akong i-convert agad. Sabi ko, hindi pa ako sure. `Tapos kanina, nakipag-break na."

Ang lakas ng tawa ng luko-luko. "Required kang maging miyembro ng kulto. Ikaw kasi, ang kulit mo. I told you, you're gonna meet some weird people online. Hindi ka nakikinig sa `kin."

"Bakit naman ako makikinig sa payo ng matandang binata?"

Tumawa lang ito habang pailing-iling. Hindi naman matandang binata ang lalaki. Hindi naman yata talaga totoo iyon. Wala namang nae-expire sa mga lalaki, hindi tulad sa mga babae na may hinahabol na matris na may best before label. At nakakahiya mang aminin sa modernong mundo, isa siya sa mga babaeng ang gusto ay maikasal at magkaroon ng anak. So kung gusto niyang mabilis na magbuntis,

kailangan niyang maka-establish ng matinong relasyon as soon as possible dahil thirty-one na siya.

Siyempre, kailangan pa niyang kilalanin ang lalaki kaya ipagpalagay na one year din ang getting to know you stage, then five months ang preparation sa kasal, talagang dapat na siyang magmadali, lalo na at hindi naman niya sigurado kung in one year, magpo-propose na agad ang lalaki. Iyon ang isa sa mga pinakamalaking issue kaya hindi siya nagsasayang ng oras sa isang lalaki. Kapag simula pa lang ay nagpahiwatig nang not looking for a serious relationship, talagang ekis na agad sa kanya.

Ang problema mo, ang mga lalaking nakalagay sa profile na looking for a serious relationship, karaniwang relihiyoso. Sa totoo lang, hindi siya relihiyosang tao pero

open naman siya sa mga ganoon, huwag lang iyong iko-convert siya agad.

"Pangit ba `ko?" nasambit tuloy niya, inabot ang dikdikan at nagsimulang lagyan ng bawang.

"Heto na naman kami," buntong-hininga ng lalaki.

"Eh kasi naman!" himutok niya.

"Diyos ko, Inday, noon ko pa sinasabi sa `yo, hindi diyan nakikita `yon."

"So parang sinabi mo nang pangit ako?"

"Oo, pangit ka." Tumatawa itong kumindat sa kanya.

Dumapot siya ng kamatis at binato dito. Nasalo nito iyon ng kamay na parang baseball. Nagmukhang cherry tomato ang kamatis sa laki ng kamay nito. Ilang ulit na ba niyang natanong sa sarili kung ano kaya ang pakiramdam kapag dinadama siya ng mga palad nito? Ah, hindi na niya

mabilang. Isa pang dahilan kaya alam niya noon pa na walang pupuntahan ang feelings niya sa lalaki ay dahil nakita na niya ang mga ex nito. Grabe, sobrang gaganda at mga sosyal. Malayo sa kanya.

Siya iyong tipong artsy. Boho chic ang karaniwang porma niya at hindi niya iyong sinasadya, kundi ganoon talaga ang tawag sa type niyang style. She loved artistic stuff. Creative Writing ang natapos niyang kurso dahil pangarap niyang maging writer. Pero nang magtapos siya ng pag-aaral, mas napunta siya sa crafts. Ang shop niya ay malaki at sa gilid, sa nakabukod na bahagi, ay mayroong maliit na gallery.

Ang shop ay tindahan ng kung ano-anong items—decor, abubot, ceramics ng artists, iba't ibang jewelry and accessories, dolls, pins, at lahat halos ng mga katulad ng abubot at baubles. Ang gallery naman

ay nagdi-display ng paintings at sculptures ng local talents. Sa tabi ng shop ay isang maliit na coffee shop na tambayan ng mga estudyante at artist.

Sa likod ng lahat ng iyon ay ang bahay niya. May gate para hindi makapasok ang mga customer. Malaki rin ang bahay, dalawang palapag. At sa likod ay naroon ang dirty kitchen kung saan din sila madalas magluto at kumain ni Kiko.

Pamana sa kanya ng ama ang prime property na iyon. Hindi na niya mabilang kung ilan ang gustong bumili, malalaking kompanya pa ang karaniwang nagtatanong. Puwede rin niyang paupahan na lang ang shop, o puwedeng ipa-renovate ang bahay para gawing malaking commercial establishment ang property. Pero sa tuwing pag-aaralan niya ang mga planong noon pa naipagawa sa contractor

sa tulong ni Kiko, hindi niya makuhang gawin dahil parang mabubura ang alaala ng papa niya.

Nagulat siya sa payo ni Kiko—na huwag niyang gawin dahil wala naman siyang need. May pera siya sa bangko, pamana ng lola niya. Kumikita ang shop, malaki. Enjoy din siya sa pagma-manage niyon, kahit pa nga meron din siyang mga empleyadong mapagkakatiwalaan.

Iyon siguro ang gusto niya sa kaibigan, kahit ganoon ito ka-business minded, importante dito ang happiness. Hindi ito ang tipo ng taong lahat ng daan para magkapera ay nakikita at gustong tahakin. Suwerte din ng mapapangasawa nito, kahit pa parang imposible nang makakita. In love pa rin yata sa ex kahit mahigit apat na taon nang hiwalay.

Ang kuwento ni Kikay, madaming

chicks si Kiko. Paanong hindi, guwapo na, sobrang lakas pa ng sex appeal. Pero mula noong makilala ang ex at maghiwalay, parang nawalan na ng interes sa dating gawain na kaliwa't kanan ang babae. Kahit noong nasa Spain daw ang lalaki para tulungan ang isang kapatid mag-establish ng negosyo, pinagkakaguluhan din daw doon ng mga babae.

"Pangit ka diyan," ingos niya.

Tumawa na naman ito. "Alam mo, Inday..." Ito lang ang tumatawag ng ganoon sa kanya. Ang haba raw ng pangalan niya kaya Inday na lang, kahit "Rada" ang palayaw niya. Noong una, gusto niyang kiligin dahil endearment iyon sa Bisaya at laking-Cebu si Kiko, pero parang *Inday* mula sa *Diyos ko, `Day* lang kaya madali niyang nabale-wala. "Kahit ga'no ka pa kaganda, ang importante...

`yong kalooban."

"Buwisit ka!" natatawang ingos niya.

Hindi naman siya pangit, alam niya iyon, pero kumpara sa mga nakaka-date nito noon, talagang hindi siya papasang maganda.

"Wala ka bang balak mag-girlfriend?" tanong niya rito bigla.

"Anong tanong `yan?"

"Anong anong tanong? Napakasimple."

"Bakit mo tinatanong? Ikaw ang pinag-uusapan natin, `di ba?"

"`Tapos na ang kuwento ko. Ikaw naman. Alam mo, madaya ka, eh. Ako sinasabi ko lahat sa `yo, ikaw naman hindi ka nagkukuwento."

"Hindi ko tinatanong ang mga sinasabi mo sa `kin, ikaw ang kusang nagsasabi."

"Nakakainis `to." Umirap siya, natatawa. Totoo rin naman iyon. Pero

palagi itong handang makinig, magpayo, at kagalitan siya kapag sa tingin nito ay kalokohan ang ginawa niya. Tulad na lang ng paghahanap palagi ng ka-date. Ilang ulit na siyang nagpapasundo dito kapag kailangan niyang takasan ang isang hindi magandang pangyayari sa date.

"Secret ang buhay ko," natatawa ring sabi nito.

Tumayo siya at binaligtad ang galunggong. Tinanong niya ang ipinagbabawal na noon pa niya hindi maisatinig.

"Matagal ka nang hindi nakikipag-date?" panimula niya.

Bumuntong-hininga ito. "Igigiit talaga."

"Sagutin mo na."

"Opo. Bakit mo naman naitanong?"

"Nag-aalala si `Kay sa `yo."

"Wala siyang dapat ipag-alala. Ikaw ang dapat niyang alalahanin. Matandang dalaga ka na. Mae-expire na ang matris mo. Kailangan mo nang makahanap ng stable relationship sa lalong madaling panahon. Hindi mo sigurado kung magpo-propose agad ang lalaki kaya paano na ang future children mo—"

"Tumigil ka!" awat niya, natatawa pa rin. Inulit lang nito ang mga litanya niyang sa sobrang dalas niyang bitiwan, nasaulo na nito.

Humalakhak ito. "Sino sa `tin ang dapat alalahanin ni Francesca?"

"Ewan ko sa `yo, Francisco Luis Soledad! Pero curious ako. Sagutin mo naman kasi ang tanong ko. Unfair ka naman kasi."

"Siya, sige. Ano `yon?"

"Kung hindi ka nakikipag-date, ibig

bang sabihin, five years ka nang walang... alam mo na?"

"Ay, nako, `Day, `yang galunggong mo—"

"Sinabi mong sasagutin mo. Walang bawian."

"Anong pumasok sa isip mo, bakit gusto mong malaman?"

"Curious lang ako. Kasi nabasa ko na `yon daw mga lalaking hindi naglalabas ng bodily fluids, may chance daw magka-osteoporosis."

"Pati `yan gusto mong malaman?"

"Oo, bakit ba?"

"Alam mo na sagot diyan."

"May babae ka for that? Fubu? Or sarili mo lang?" giit niya.

"Ano sa tingin mo?"

"Sagutin mo na lang."

"Ikaw, kung tanungin kita niyan,

sasagutin mo?"

"Oo naman." Inilagay na niya ang GG sa plato. "FYI, virgin pa `ko. Ilang ulit na muntik, pero hindi natutuloy dahil..." Natigilan siya nang pagpihit ay makitang tutok na tutok sa kanya ang atensiyon ng lalaki. Bigla siyang natawa. "O, bakit curious ka rin?"

Namula ito. "Hindi ko tinatanong `yan sa `yo, Inday."

"So ayaw mong malaman?"

"Whatever."

"De `wag."

"No, go ahead. Sabihin na lang nating na-curious na rin tuloy ako. Dahil sa lahat ng kuwento mo, `yan pa talaga ang hindi mo naisip banggitin noon."

Napahagikgik siya. Pumuwesto siya sa tapat ng dikdikan at nilagay na rin ang dayap, kamatis, dried shrimps, sili, saka

nagsimulang magdikdik.

"Kasi naman, napaka-conserevative mo kaya hindi ko kinukuwento noon. Manong na manong ka kahit ang dami-dami mo nang naging babae. O, o, `wag mo nang kontrahin, sinabi sa `kin ni `Kay."

"Yeah, but that was a lifetime ago."

"Bakit ka nga ba tumigil mambabae?"

"Hindi `yan ang topic."

"Magkukuwento ako kung sasagutin mo."

"Magkuwento ka muna, saka ko iisipin kung sasagutin ko ang mga pang-showbiz mong tanong."

Napahagikgik siya, saka nagpatuloy.

"Okay, paano nga ba? Hmmm, first time na muntikan, college ako. Lahat ng kaklase ko, pinag-uusapan `yon so parang gusto na ring gawin. May boyfriend ako

no'n. `Tapos ready naman na `ko, kaso bigla niya `kong pinanood ng porn kaya na-turn off ako. Parang ang dating pa sa `kin, gusto niyang mag-experiment kasi hindi naman regular na porn ang pinanood sa `kin. Nakipag-break ako after that. Ewan ko, napaka-romantic kasi sa isip ko noong act `tapos biglang naging ang dumi-dumi dahil sa kanya. Eh, inosenteng-inosente pa `ko no'n.

"Second time, `yong isang artist. Ewan ko, guwapong-guwapo ako sa kanya kahit hindi naman siya pogi." Napahagikgik siya. "So nagme-makeout kami `tapos paghawak ko, oh, my God, ang lambot. Eh, wala akong alam no'n kahit alam ko in theory. So ginalaw-galaw ko. Gano'n pala yon, `no? Parang balat lang kapag hindi erect."

Ang lakas ng tawa ni Kiko.

Nagpatuloy si Rada. "Sabi niya sa `kin, sorry daw kasi nag-doobie siya kaya hindi siya nagkaroon ng reaction. Siya ang nakipag-break sa `kin noon ding araw na `yon. Siguro napahiya siya. Ako naman, kahit sabihin mong hindi ko hinahanap `yon, ayoko naman din ng boyfriend na impotent, `di ba? Eh, parang nasa mid-twenties pa lang siya no'n, gano'n na siya. Anyway, `yong third ay `yong last month—"

"What?" agaw nito, mukhang nabigla. "Sino do'n?"

"Naalala mo no'ng nagpasundo ako sa `yo sa Starbucks? Sabi ko may nang-ghost sa akin? Ang totoo, doon sa `tapat na condo ng Starbucks niya `ko dinala. Eh, `di ba parang fifth date na rin naman namin at nabasa ko sa internet, puwede na `yon mag-third base."

Kunot na kunot na ang noo nito sa puntong iyon. "Noon ko pa sinabi sa `yo na `wag kang magpapaniwala sa mga nababasa mo sa internet."

"Eh, kasi gusto ko na din kasi ilang taon na `ko, Kiko."

"Tsk, tsk, tsk." Itinaas nito ang daliri at iginalaw. *I object* na *I object* si Attorney.

"Ang corny mo, ha? Anong petsa na, hindi na uso ang maghintay hanggang ikasal ngayon."

"Ewan ko sa `yo. Buti hindi mo tinuloy."

"Kaya nga din." Bigla siyang napalabi, guilty. Muntikan na siya doon, aminado naman siya. "Eh, kasi ready na ako, nagpe-prepare na nga ako sa banyo..." Nakagat niya ang labi. Ang totoo, noong nasa banyo siya, natagalan siyang lumabas hindi dahil naghahanda siya nang husto kundi

nag-alanganin siyang bigla. Biglang gusto niyang umatras. Kinatok na nga siya ng ka-date niya. Mabuti na lang talaga na nag-alanganin siya dahil biglang may dumating.

"Anong nangyari?" untag ni Kiko, tutok na tutok na naman ang atensiyon sa kanya.

"Nakarinig ako ng ingay kaya napalabas ako. Gulat na gulat ako. May babaeng inaaway siya. Nakita ako. Buti hindi ako sinugod. Sabi sa akin, umalis na raw ako. Hindi daw ako ang una at hindi ako ang magiging huli. Asawa niya pala `yon! My God! Eh, di karipas ako ng takbo. Nanginginig ako noon kaya nagpasundo ako sa `yo."

Napailing ito, halos marahas. "`Yan ang sinasabi ko sa `yo. Makulit ka, eh."

"Oo na. Ikaw naman ang sumagot sa tanong ko—may mga babae ka ba na alam

mo na."

"Wala."

"So you mean…?"

"Ano sa tingin mo?" Napailing ito, bagaman may ngiti sa labi. "Mga tanong nitong babaeng `to. Ewan ko sa `yo—"

"Pero bakit, Kiko? I mean, sa tingin ko kaya mong makuha ang kahit na sino."

"Wala akong oras na maghanap."

"BS. Ang daming lalaki diyan na proud pang sinasabing madami silang babae. Sa social media pa."

"Maniwala ka naman sa mga `yon. Hindi automatic `yon. Kailangan mo rin ng oras humanap. Kung hahanap ka sa dating app, baka may sakit pa ang makuha mo. Kaya ikaw na babae ka, mag-ingat-ingat ka. Noon pa kita sinasabihan na `wag kang humanap. Darating `yon."

Naitirik niya ang mga mata. "My God,

kelan pa?"

Nagsimula na siyang magligpit at nang matapos at naghain. Nakitulong ang lalaki sa kanya. Ang sarap ng hapunan nilang galunggong at papaya salad.

"Nagsasawa ka na bang marinig sa `kin na gusto kong ma-in love?" tanong niya habang naghihimay ng bangus. Ang nahimay ay nilagay niya sa pinggan ni Kiko. Nakasanayan na niyang gawin iyon.

Kumuha ng papaya salad ang lalaki ay nilagay sa pinggan niya, saka sinalinan ng Coke Zero ang kanyang baso.

"Hindi. Alam ko namang `yan ang weakness mo."

"Paano kaya kung hindi ako magkaasawa, `Ko?"

Tumawa ito. "Eh `di matandang dalaga ang labas mo. Wala namang problema do'n. `Yan na nga raw ang gusto ng mga

babae ngayon."

"Ewan ko sa `yo." Lumabi siya. "Ikaw ba, may plano ka?"

"Na maging old maid?"

"Seryoso ang tanong ko."

"Kung walang darating, wala. Hindi naman pinipilit `yan."

"Alam mo, imposible talaga na walang nagkakagusto sa `yo."

"Sinabi ko bang walang nagkakagusto sa `kin?"

"So meron?" Kung bakit parang na-trigger siya.

"Meron din naman."

"Eh, bakit ayaw mong makipag-date?"

"Waste of time."

"Ay, manong na manong na pala si Attorney, ayaw na ng love. Tatanda ka ngang binata," kantiyaw niya.

Ngumiti ito. "Ayaw mo no'n, may

kasama ka sa pagtanda?"

Napahagikgik siya. "Sayang ang matris ko, Attorney."

Hindi ito umimik, nanatili lang na nakangiti, nagpatuloy na sa pagkain. Sinabihan niya ang sariling huwag na itong titigan. Their friendship was worth more than the physical attraction she felt for this man. Isa pa, baka itulak lang siya nito kapag nilandi niya.

"Ihanap mo nga ako ng cute," request na lang niya rito.

"Ipahinga mo muna `yan. Katatapos mo lang."

Napalabi na lang siya.


The Stranger Who
Kept Her Secret
VANESSA

"ALAM MO, Ramon, kapag hindi mo ginamit si Manoy, baka magtampo at hindi na sumaludo, ikaw din," kantiyaw kay Ramon ng kasamahan niya sa trabaho na si Mang Eli.

Napangiti na lang siya, sanay na sa kantiyaw ng mga kasamahan sa trabaho sa pabrika. Kung tutuusin, siya ang dapat magyaya sa mga ito dahil siya ang binata pero gastos na walang katuturan para sa kanya ang pagpunta sa "patay-sindi."

"Naku, may pasok po ako bukas ng umaga. Sa susunod na lang, Mang Eli," aniya, nakangiti.

"Sigurado ka, boss? May mga bagong dating daw na chicks, eh. Sariwa," si Tonio, kasamahan din nila sa trabaho, palaging sinusundo ng asawa pero nagagawa pa ring magpalipas oras sa pipitsuging beer house na malapit sa pabrika.

"Hindi na," sabi na lang niya. Wala siyang balak kumuha ng babae sa ganoong paraan.

Nagpaalam na rin ang dalawa. Quality control supervisor siya ng mga ito sa pabrika ng electronics. Tinapos niya ang trabaho at umuwi na rin, sakay ng lumang motorsiklo, pamana ng kanyang ama. Palitin na nga rin ang gulong pero makapaghihintay pa siguro kahit ilang buwan pa. Sa ngayon kasi, malaki-laki ang babayaran niya sa eskuwelahan dahil sa graduation fee.

Alas-otso ng umaga ang klase niya. May

exams siya bukas kaya kailangang mag-aral. Wala na siyang oras magluto kaya sa kantong papasok sa bahay ay bumili siya ng kanin at ulam saka umuwi. Nang makapasok sa bahay ay tumuloy siya sa kusina at isinalin ang biniling pagkain sa plato. Habang sumusubo ay binubuklat niya ang isang libro.

Nang matapos kumain ay hinugasan na niya ang pinagkainan. Bigla'y nakadama siya ng lungkot. Halos magtatatlong taon na magmula nang mamatay ang ama niya. Na-stroke ito at nagtagal ng isang buwan sa ospital, dalawang linggo sa ICU, pero binawian din ng buhay. Naging dahilan iyon para mahinto siya sa pag-aaral. Nabaon siya sa utang dahil malaki ang kinailangan niyang bayaran sa ospital, kahit pa nakabawas ang tulong ng mga nilapitan niyang sangay ng gobyerno,

maging ang PhilHealth.

Ang kanyang ina naman ay matagal na silang inabandonang mag-ama. Ni hindi niya alam kung nasaan na ito ngayon. Isang larawan lang ang naiwan sa kanya. Tanging alam niya ay ang pangalan nito.

Sayang, pumanaw ang kanyang ama bago niya ito naiahon sa hirap. Hanggang ngayon, mabigat iyon sa kalooban niya. Pero naniniwala siyang sa lahat ng magiging tagumpay niya ay kasama niya ito. Silang dalawa ang nagtulong. At heto, ilang buwan na lang at makakapagtapos na siya. Kaunting tiis na lang.

Naligo na siya, pinagbuti ang pag-aaral. Nakatulog siyang malalim na ang gabi at kinabukasan at maagang gumising at pumasok sa eskuwela. Hindi siya ang pinakamatanda sa klase pero karaniwang mga kaklase niya ay nasa beinte-uno,

beinte-dos. Siya ay beinte-siyete na. Kahit beinte-siete, siya ang sinisilay-silayan ng mga babaeng mula sa iba't ibang kurso.

Guwapo daw siya, komentong noon pa niya naririnig kahit saan. Ang totoo ay kamukhang-kamukha niya ang kanyang amang matikas kahit noong bago ito pumanaw. Noong nabubuhay pa ito, sagana sila sa padalang ulam ng mga kapitbahay na may gusto rito, pero wala itong ibang inisip kundi siya, ang mapagtapos siya.

Hindi naging madali para dito bilang construction worker. Kaya rin hindi siya nakapag-full load noon at nang magkasakit ito, lalo nang nagkaroon ng delay. Pero ngayon ay sigurado na ang pagtatapos niya, na susundan ng board exams, at sana ay isang magandang trabaho.

Kaya wala munang babae. Sigurado

siyang hindi siya mauubusan.

Umandar ang mga buwan, nakapagtapos siya nang walang seremonya dahil alam niyang hindi pa tapos ang laban, at nag-review nang tahimik, walang pinagsasabihan. Pumapasok pa rin siya sa pabrika dahil literal siyang can't afford tumutok isandaang porsiyento sa board exam dahil titirik ang mata niya sa gutom kung magre-resign siya sa trabaho. Pursigido siya sa lahat ng plano.

Matapos ang board, ilang linggo siyang kabado, ni hindi pa magawang mag-resign sa pabrika kahit kung tutuusin ay puwede na siyang humanap ng mas magandang trabaho. At nang araw na lumabas ang resulta ng board ay napaluha siya nang mabasa ang pangalan doon. Agad siyang nagtungo sa sementeryo, na para bang naghihintay lang doon ng balita ang

kanyang ama.

May pasok pa siya sa pabrika sa araw na iyon. Pagpasok niya, dala na niya ang resignation letter. Parang may pakpak ang mga paa niya sa saya. Hindi siya makapaniwala. Siya na ngayon si Engineer Ramoncito Vasquez.

"Ramon, mukhang iba ang ngiti natin ngayon, ah? Sakto, sahod. Ano, sumama ka na sa `min! Madaming bagong chicks no'ng nakaraan."

Sa kauna-unahang pagkakataon ay tumango siya. Bakit hindi? Una't huli, pagbibigyan niya sina Mang Eli.

"Sige po, Mang Eli."

Mukhang nagulantang ito, gayondin ang iba pang miyembro ng grupo ng mga manong na mahilig sa babae. Nagkaisa ang mga itong ilibre siya bilang isa raw siyang *"perstaymer."*

Mukhang nagsisimula na ang suwerte sa buhay niya—nakapagtapos, nakapasa sa bar, at malilibre pa ng good time. Hariwang magtuluy-tuloy na ang suwerte.

*THIS IS INSANITY!*

Gusto nang mag-back out ni Armida sa plano. Dama niya ang panlalamig ng mga palad. Binalikan niya sa isip ang kailangang gawin bilang bahagi ng initiation ng papasuking sorority—take a video of herself shaving some random guy's thing. Para iyon patunayan ang kanyang courage, resourcefulness, at creativity, mga katangiang taglay ng lahat ng miyembro ng

Theta Pi Society.

Kung hindi lang niya kailangang maging miyembro niyon para sa isa niyang propesor na siyang proud adviser ng grupo. Mismong nanay niyon ang nagtaguyod ng Theta Pi. Madaming naitutulong ang grupo sa mga nangangailangan, partikular sa mga kababaihan. Mula lang sa grupong iyon kumukuha ang propesor ng mga isasali sa focus group na magpapasa ng study sa senado para sa mga bagong batas na para sa kababaihan. At kailangan niyang makapasok sa grupo para sa grades. Tatlong terms niyang magiging propesor ang advisor kaya kailangan niyang makuha ang pabor nitong ibinibigay sa mga miyembro ng sorority. Particular ang mga pagdalo sa senate hearings.

Mabait ang propesor pero ang leader ng Theta Pi ay hindi niya kasundo, si Pauline.

Dating niyang manliligaw ang current boyfriend nito. Ito ang pipili ng random guy para sa initiation niya. Kung siya sana ay walang problema dahil maano na lang ba ang kumuha ng kakilala ng kaibigan niya para magpanggap?

May wig siya at makapal ang makeup dahil wala siyang balak na makilala ng kung sinong lalaking mapipili ni Pauline. Nasa kotse siya, hinihintay ang babae. Mayamaya ay nakita na niyang pumarada ang motorsiklo nito sa tapat ng kotse niya. Ibinaba niya ang bintana.

"Are you ready, Armida?" tanong ni Pauline. She was clearly enjoying this a bit too much.

"Yes," aniya kahit kabado.

"Perfect. Malapit na dito ang pupuntahan natin. Nakausap ko na ang may-ari ng Rosas ni Osang, `yong beer

house. Pumayag naman."

Gusto niyang magreklamo pero hindi siya pinayagan ng pride. Tumango na lang siya. Pinasunod siya ng babae rito. Mayamaya nga ay nasa tapat na sila ng isang napaka-cheap na beer house. Okay na rin, at least sure siyang walang maliligaw doong kakilala niya.

Nang makaparada siya ay sinenyasan na siya ni Pauline na sumunod dito. Walang anomang makeup ang babae, may salamin sa mata, cute. Tipong walang mag-aakalang masama ang ugali. Mainit ang dugo nito sa kanya. She guessed she was jealous of her. Pero hindi ba dapat itong matuwa sa kanya dahil kung sinagot niya si Luke, eh, di wala itong boyfriend ngayon?

"You look nice," anang babaeng ngumisi.

Itinirik na lang niya ang mga mata.

Bukod sa makapal na makeup na may katerno pang pekeng nunal sa ibabaw ng mga labi at wig na bob cut, ang suot din niya ay hinding-hindi niya isusuot sa ordinaryong pagkakataon. Blouse na spaghetti straps, maong short shorts, at wedges na two inches ang taas. Kadalasang five-five lang siya, pero ngayon ay five-seven na. Siguro naman ay wala nang makakakilala sa kanya.

Bago tuluyang pumasok sa Rosas ni Osang ay kinapa niya ang bulsa. Nandoon ang roofie na baon niya. Wala siyang balak na ilagay ang sarili sa alanganin. May dala din siyang taser sa bag at maliit na pepper spray na nakasuksok sa bulsa, lipstick na kapag pinihit ay patalim ang lalabas.

"Wait," aniya kay Pauline.

"Backing out?"

"No. I just want to make sure someone

will help me out in case an emergency happens."

Itinuro nito ang isang van. Bumukas ang salamin niyon at kumaway mula sa loob ang iba pang kaibigan ni Pauline. Naniniwala naman siya na hindi papayag ang babaeng mapahamak siya nang tuluyan. Hindi naman ito tipong ganoon.

"I told my friends about this," aniya para malaman nito, sakali man.

"Friends? You have those?"

Nagtimpi na lang siya. Alam niya naman na suplada ang dating niya sa mga tao pero natural na may mga kaibigan siya. May tracker app siya at naka-on iyon.

"If something happens to me, my father will kill you."

Deadma ang babae, tumuloy na sa loob ng beer house. Sumunod siya rito. Ipinakilala siya ng babae sa may-ari, si

Aling Osang, mukhang laos na GRO, parang napakabigat ng mga mala-melong dibdib, nagyoyosi. Tinanggap niyon ang abot ni Pauline. Iyon na raw ang bahala sa kanya. Kahit paano, nakampante siya. Mukhang planado naman ang lahat, so ang initiation ay hindi naman pala kapahamakan ang hatid. Hopefully.

"O, `eto si Hiyas," anito matapos tawagin ang isang GRO. "Hiyas, ikaw na'ng bahala dito kay..."

"V-Vixen. V-Vix na lang po," bigla niyang sambit. Wala siyang balak na magpakilala gamit ang totoong pangalan.

Humalakhak si Aling Osang, nagkasamid-samid. "Anong *biks? Enheyler?* Ikaw si Bituin. Tutal makislap ka sa puti. Naku, kung totoo ka lang sana, ang sarap mong ibenta. Hiyas, `wag mong pababayaan `yan. `Yan `yong nabanggit ko

kanina."

Nagpatianod na lang siya, nanlalamig pa rin kahit ilang ulit na sinabi sa sarili na wala siyang dapat ikakaba. Simple lang ang gagawin niya, paiinumin ang lalaki ng pampatulog, kukunan ng video ang gagawin dito, ipapadala iyon kay Pauline, at umaasa siyang wala nang magiging problema pagkatapos niyon.

"Ayos ka lang?" tanong sa kanya ni Hiyas.

"Kabado."

"Ako'ng bahala sa `yo. Hahanap tayo ng hindi manyak masyado." Siniko nito si Pauline na nasa kabila nito. "Ako na pipili, ha? `Wag nating bigyan itong kaibigan mo ng sobrang asim. `Yong tipong paksiw lang at hindi paombong! Apir!"

Nagsalpuklan ang palad ng mga ito, ang lakas ng tawanan. Tango nang tango si

Pauline, mukhang buo ang kompiyansang mas mapapahirapan siya ni Hiyas.

Parang naduduwal siya sa idea ng isang lalaking maasim. *Lord, `wag naman sanang sobra*.

"`Ayun, do'n, sa mga suki ni Mariposa, mga tagapabrika!" turo ni Hiyas.

Napahawak siya sa ulo. Manong na malaki ang tiyan ang una niyang nasilayan. At mukhang hindi lang paombong ang asim si Manong, kundi iyong paborito ng papa niya—sukang Ilocos.

"Pauline, please—"

"Backing out?" tanong nito.

Kaya nilunok na lang niya ang pride at itinaas ang mukha. Bumaling siya kay Hiyas. "Let's go."

"GOOD EVENING, mga mahal."

"Hi, darling," bati ni Mang Eli sa GRO na sumalubong sa grupo nila sa Osang's, ang beer house na paboritong puntahan ng mga kasamahan ni Ramon.

"Eh, sino ang poging `to. Eli, my dear, parang gusto kong ito ang mag-table sa `kin."

Napangiti si Ramon. Hindi niya sigurado kung ilang taon na ang GRO pero malamang na nasa treinta pataas. Kahit na makapal ang makeup at madilim ang lugar, kita na ang senyales ng edad ng babae sa ilalim at gilid ng mga mata nito.

"Si Ramon `yan, darling," pakilala ni Mang Eli. "Ramon, ito si Mariposa. Suki namin `to noon. Minsan nakakalibre kami ng kiss."

Humalakhak si Mariposa saka sila sinamahan papasok ng beer house. Amoy-sigarilyo at mumurahing pabango ang lugar. Matindi rin ang amoy ng sisig at beer sa ere.

"Eksakto ang ating n'yo. Madaming bago. Pero sana i-table mo `ko, mahal," hirit ni Mariposa kay Mang Eli.

"Oo, pero mamaya na. Lakas mong uminom, darling, eh."

Ang lakas ng tawa ng babae, saka tumawag ng waiter na nag-abot sa kanila ng menu. Umorder lang siya ng beer, ganoon din ang lahat sa grupo. Lima sila. Dalawa lang silang walang asawa.

Mayamaya ay nagsimula na ang floor

show. May babaeng umakyat sa entabladong mababa at nagsimulang sumayaw nang mabagal to the tune of "Luha" by Aegis. Mayamaya pa ay nag-alis na iyon ng bra, saka naglulumiyad sa entablado.

Hindi talaga gusto ni Ramon ang ganoong show. Siguro mas gusto lang niya kung pribado at hindi iyong napapatanong siya sa isip kung hindi ba niya sinasamantala ang pangangailangan ng babae? Baka napilitan lang dahil sa kahirapan. Ah, bakit ba iyon ang nasa isip niya?

Noon siya napatingin sa isang babaeng nakatayo ilang dipa mula sa kanila. Nakatingin ito sa kanya. Nagtagpo ang kanilang mga mata. Kumabog ang dibdib niya. Kahit malamlam ang liwanag ay kita niya ang mukha nito. Maganda ang babae,

gandang hindi nababagay sa ganoong lugar. Mukha itong mamahalin, iyong tipo ng GRO na mas dapat yatang doon namamasukan sa Quezon Ave.

Nilapitan ito ni Mariposa, saka isinama sa kanilang mesa.

"Mga darling, bago namin. Sariwang-sariwa, galing pa sa probinsiya, si Bituin," pakilala nito sa magandang babae.

"Ang ganda," komento ni Mang Eli. "Magkano ilabas, darling?"

Napansin ni Ramon na kabado si Bituin. Halata sa mukha nito. Baka first time talaga sa ganoong larangan dahil sabi na rin mismo ni Mariposa, galing pa raw ng probinsiya.

Tatlong kasamahan niya ang nag-agawan sa babae. At hindi niya mapayagan na sinoman sa mga ito ang mag-uwi kay Bituin. Naaawa siya sa GRO na hindi niya

maintindihan. Tuloy, bigla niyang nasabi, "Baka po puwedeng arbor?"

Mukhang nabigla ang mga kasamahan niya pero sa paglaon ay nagtawanan. "Iba ka rin, bata. Siya, sige. Ikaw muna. Next time na kami."

Parang tutol ang kalooban niyang magne-next time ang mga ito kay Bituin pero saka na niya iisipin. Nagnegosasyon sila ni Mariposa. Si Bituin ay tahimik lang. Dalawang libo daw kasama na ang VIP room. Isang oras lang daw iyon.

Itinuro ng babae kung nasaan ang VIP room. Naroon din, sa bandang likod. Parang nakahiyaan niya namang doon dalhin si Bituin at paano na kung pagkatapos ng isang oras ay sumunod naman si Mang Eli?

"Magkano kung sa labas kami?" tanong niya.

"Tres mil, three hours. Kung sosobra pa doon, kayo na mag-usap. Basta kay Madam Osang ang three kyaw."

Walang pagdadalawang-isip siyang naglabas ng tatlong libo. Mababawasan ang pambili niya ng bagong laptop pero wala siyang pakialam. Nagbayad siya kay Mariposa. Lumapit siya sa mga kasama at nagpaalam sa mga ito. Panay kantiyaw ng grupo sa kanya, na ang tagal niyang nagpakipot mag-beer house, pero wala pang isang oras, nag-uwi na siya ng babae. Hindi na kailangang malaman ng mga itong hindi niya kayang maisip na sinoman sa mga ito ay makakasama ni Bituin. At hindi niya maunawaan kung bakit.

Nilapitan silang muli ni Mariposa, nag-abot ng isang plastic sa kanya, saka bag naman kay Bituin. Siguro ay iyon ang gamit ng babae. Ang plastic naman ay may

lamang proteksiyon, toothbrush, at maliit na sabon. Siguro libre sa VIP room pero binigay pa rin sa kanya kahit take out si Bituin.

Lumabas na sila sa beer house. Kinuha niya sa bouncer ang mga helmet na baon palagi.

"Ayos ka lang?" tanong niya sa babaeng parang kabado pa rin.

"O-Oo, d-darling," anito, hindi madulas sa labi ang huling salita.

Napangiti siya. "Ramon ang pangalan ko. Hindi mo ako kailangang tawaging darling."

"O-Okay." Tila wala sa loob nitong itinaas ang shoulder bag at kinipkip sa dibdib. Kumbaga sa bata ay parang niyakap ang unan para mapanatag ang kalooban.

"Parang kinakabahan ka. First time mo

ba `to?"

"H-Hindi. E-Expert ako. Magaling ako. Kahit ano'ng gusto mo, gagawin ko."

Hindi niya alam kung totoo. Baka sales talk pero para saan kung bayad na siya? Para sa tip? Siguro nga. Hindi na mahalaga. Naglakad sila patungo sa motor niya. Inabutan niya ito ng helmet na tila wala sa loob nitong tinanggap, saka tumingin sa beer house.

Pinagmamasdan niya ito. Makapal ang makeup pero maganda talaga. Gayonman, ang sabi palagi ni Mang Eli, lahat daw ng babae ay maganda sa dilim, lalo na kung makapal ang kolorete. Pero halata namang napakakinis ng babae, ang bango pa. Bango na mamahalin.

Ang una niyang planong "iligtas" ito ay nabago. Ligtas ito kina Mang Eli, pero parang... parang hindi ito ligtas sa kanya.

Parang gusto niya talagang dalhin sa motel.

“Kumain ka na ba?” tanong niyang parang gago. Natorpe siya bigla. Kung si Mang Eli ang nakabili sa serbisyo nito, malamang kanina pa ito napipisil. Kunsabagay ay hindi naman siya ganoong klaseng lalaki, kahit pa nga parang natutukso siyang magpaka-Mang Eli na. “Sir, yes, sir!” na kasi ang kanyang sundalo, handang sumabak sa laban.

“O-Okay lang a-ako.” Isinuot na nito ang helmet.

Ganoon na rin ang ginawa niya at sumakay na sa motorsiklo. Umangkas na ito sa kanya.

“Okay lang sa `yo sa malapit?”

“Oo, sige.”

Pero ang dudungis ng mga motel sa malapit, parang hindi niya trip. Ewan, naalog yata ang utak niya at bakit ayaw

niyang dalhin ang babae sa mga iyon. Saan niya gustong dalhin? Sa Okada? Saan siya kukuha ng pang-check in doon?

Sa huli, sa isang sikat na motel chain na lang niya ito dinala. Garage room ang kinuha niya para malaki-laki. Ewan kung bakit siya nagpapa-impress sa babaeng malamang sa hindi ay nakasubok na kahit sa VIP lang ng Osang's na malamang, napakadami nang nakagamit.

Bumaba na ang babae sa motorsiklo, tumingin na naman sa paligid, saka tila wala sa loob na inabot sa kanya ang helmet.

"Here you go," sambit nitong nakatingin sa kalsada.

Isinara na ng room attendant ang garahe. Tumingin sa kanya ang babae. Nakatitig siya rito. Iba bigla ang kutob niya. *"Here you go"* lang ang sinabi nito pero hindi mapagkakaila na parang sanay

ito sa wikang Ingles. Pero tatlong salita lang iyon, ano bang malay niya? Kahit sa looban nga ay may ilang batang pala-Ingles dahil sa YouTube. *Baka mahilig din sa Coco Melon,* sa isip-isip niyang gustong matawa. *Ibang buko ang ipapatikim ko sa `yo mayamaya,* pilyo niyang naisaisip kahit medyo napapahiya rin. May nalalaman pa siyang ililigtas ito pero kung ano-ano naman ang plano niyang gawin. Nahawa na yata siya kina Mang Eli.

*Hayaan mo na. Bayad na rin naman. Puwede naman,* sa isip-isip niya nang mapasulyap sa legs nitong napakakinis.

"Susi, Boss," anang attendant, pinaalala rin kung hanggang anong oras sila doon. Six hours ang kinuha niya na baka ma-extend ng twelve para makatulog nang mahaba kung... kung mapapagod sa laban.

"Tara?" aniya sa babae nang makalabas

na ang attendant.

Tumango ito at nagpatiuna pataas sa hagdan. Nakasunod siya sa babae at ayaw man ay lalo nang nakadama ng init habang pinagmamasdan ang pang-upo nito. Noon lang siya nakadama ng ganoong klaseng pakiramdam para sa isang babae, sa dami ng nakakatipo sa kanya at lumalapit. May ilan na rin naman siyang nakasama sa ganoong lugar at ang iba ay sa bahay ng mga ito. At siguro kung loko lang siya, mas madami pa ring naiuwi. Pero noon pa man, ang prayoridad niya ay ang pag-aaral, hindi ang babae. Wala siyang malaking pera para sa date, walang panahon para sa isang girlfriend na tiyak maghahanap ng higit pa sa kaya niyang ibigay.

Pero madali ang babae sa kanya. Kaya hindi niya alam kung bakit ganito ang nadarama niya kay Bituin, na malamang

na hindi rin nito totoong pangalan.

Lihim na lang siyang napabuntong-hininga.

"ANO'NG GUSTO mong kainin?" tanong ni Ramon.

Wala sa loob na inabot ni Armida ang menu. She was surprised to see entrees that seemed quite tasty. Hindi siya nagugutom pero kailangan niyang i-delay ang pangyayari, bukod pa sa kailangan niyang ilagay ang roofie sa inumin ni Ramon.

"Tapsilog saka Coke Zero," sabi niya na lang dahil parang naawa rin siya kay Ramon. He was obviously... well, poor.

Bakas iyon sa luma nitong damit, sapatos, at motorsiklo. She was going to drug him and take a video of his thing. Ilegal ang gagawin niya, alam niya iyon, pero ano ba ang choice niya kundi tiyaking hindi iyon mate-trace sa kanya at hindi rin makikita ang mukha ng lalaki?

Umorder na ito sa phone. Kapareho na rin ang inorder nito, may kasama pang pancit at leche flan.

Hindi niya maiwasang tingnan ang lalaki. Malaki itong tao, siguro ay six feet tall. Maganda ang pangangatawan nito, halatang sanay sa trabaho, kundi man ay sa gym. Pero mas malamang na sa trabahong pisikal. Kayumanggi ang balat nito, Pilipinong-Pilipino, guwapo, malakas ang sex appeal, sa totoo lang.

"Magaling ka ba talaga?" biglang tanong nito, nakangiti.

Ang ganda ng ngipin, perpekto ang ngiti. "Oo naman." Hindi na siya nakadama ng takot. Siguro dahil malapit nang matapos ang ordeal, bukod sa parang hindi ang tipo ni Ramon ang mamimilit kung ayaw. For some reason, she felt safe with him. Siguro dahil hindi ito nagtatangkang mangtsansing. Kung naiba-iba ito, malamang kanina pa siya sinamantala.

"Puwede mo ba akong halikan?" sambit nito pero tumayo rin. "Babalikan kita."

Tumuloy ito sa banyo at nakita niyang nagsepilyo. Siya naman ay kinapa ang taser sa bulsa. Wala siyang balak na may mangyari sa kanila ni Ramon, pero kailangan niyang gawin ang original plan. Nandoon na siya, hindi niya sasayangin ang pagkakataon dahil ayaw na niyang ulitin ito.

Mayamaya ay nagbalik na ang lalaki. Ngumiti ito. "Puwede ba?"

Lumapit siya dito at hinagkan ito sa pisngi.

Ang lakas ng halakhak nito.

"Akala ko ba magaling ka?" pilyong tanong nito.

Naunawaan niya naman kaagad ang ibig nitong sabihin.

"Mamaya na. Hintayin muna natin ang food," palusot niya.

Tumango lang ito. Dumating na rin ang order nila. Habang kinukuha ng lalaki ang tray mula sa waiter ay lihim niyang inilabas ang roofie mula sa bulsa, saka inipit sa pagitan ng dalawang daliri. Hirap na hirap siyang maghanap ng drogang iyon dahil ilegal. Iyon ang gamit na pampatulog at pampakalimot, ang karaniwang palihim na nilalagay sa inumin ng mga babae sa club

na balak gawan ng masama—date rape drug. Naghanap pa siya ng kakilalang mahilig mag-party at mula sa dealer niyon bumili ng roofie. Ang sabi sa internet, maging ng mismong dealer, sanhi ng amnesia ang droga kaya popular sa mga may masamang balak. Paggising kinabukasan ng biktima, wala na iyong maalala. Pero kalahating oras daw bago umepekto sa katawan.

Nang ilapag na ni Ramon ang pagkain sa hapag ay sinalinan niya agad ng Coke ang mga baso nila. Pasimple niyang hinulog sa baso nito ang maliit na tabletang puti.

"Ano'ng trabaho mo?" tanong niya para hindi ito mapatingin sa baso. Walang lasa at amoy ang gamot pero hindi pa tunaw bagaman wala pa raw isang minuto kadalasan ay tunaw na iyon.

"Sa Spectralink. Alam mo na `yon?"

Umiling siya. "Ano `yon?"

"Factory ng electronics. Ikaw? Matagal ka na ba doon sa Osang's?"

"Hindi. Pero galing ako sa ibang club," pagsisinungaling niya. Mas maganda nang maisip nitong ganoon ang tunay niyang trabaho para kung sakali man ay mahihirapan itong i-trace siya at doon siya hahanapin sa mga club. Nang mapansin niyang tunaw na ang pildoras ay kumain na siya. Ganoon din ang ginawa ng lalaki.

"First time mo bang magdala ng babae sa ganito?" tanong niya bigla.

Tumango ito. Hindi niya alam kung maniniwala siya.

"May asawa ka na ba?" tanong niya ulit.

"Wala. Bakit, mukha ba akong may asawa?"

"Hindi naman. So, saan ka ba

nakatira?" tanong niya dahil na-stress. Hindi pa ito umiinom ng Coke.

"May interview pala bago magsimula," komento nito saka uminom. Para siyang nakahinga nang maluwag dahil nasaid nito ang laman ng baso, saka nagsalin muli.

Ngayon niya naisip ang isang malaking problema—kalahating oras daw bago umepekto ang gamot. Ibig sabihin, sa loob ng kalahating oras ay dapat niyang maaliw ang lalaki bago ito makatulog.

Binagalan niya ang pagkain. Kung kinakailangang umorder pa siya ay gagawin niya.

Sinabi nito kung saan ito nakatira. Nalungkot siya para sa lalaki nang malamang sa repressed area ito tumutuloy, at pagkatapos ay sasamantalahin pa niya. Ang sagwa sa pakiramdam.

"Madalas ka ba sa Osang's?" tanong

niya tuloy. Bakit ito nagbabayad sa babae kung parang mahirap ang buhay?

"First time."

Napalabi siyang bigla. "Maniwala ako sa `yo."

Ngumiti ito. "Oo nga. Totoo. Dati kasi hindi ako sumasama dahil madaming gastusin. Pero nakatapos na ako kaya konting celebration baga."

Napukaw ang interes niya. "Talaga? So graduate ka na pala. Congratulations!"

"Salamat. Ikaw?"

Muntikan na niyang sagutin nang tama ang tanong, kung hindi niya naalala na nagpapanggap siya. "Grade school lang ang natapos ko."

"Talaga ba?" Mukhang hindi ito naniniwala. "Hindi mo kailangang magsinungaling. Bibigyan kita ng tip, kahit ano pa."

Oh, this was getting funny. Iniisip ng lalaki na nagpapanggap siya dahil gusto niya ng tip!

“Magkano naman ang ibibigay mo sa `kin?” tanong niya out of curiosity. Hindi niya kinaya ang three thousand na ibinayad ng lalaki para siya mailabas ng Osang’s. Ang baba pala ng halaga ng babae.

“Magkano ba ang kailangan mo? May pamilya ka ba?”

Nararamdaman niya na mabait na tao si Ramon. Kaya siguro kampante siya rito. Aminado rin siyang habang tumatagal, lalo niyang napapansin ang kaguwapuhan nito. Hindi kasi niya agad nakita dahil madilim kanina, bukod pa sa kupas ang mga damit nito na nagbigay ng impresyong hindi ito masyadong malinis. But he smelled clean. Walang pabango at mukhang galing sa trabaho pero malinis ang amoy. Hindi

nakakadiri. Malayong-malayo sa paombong.

"Sa probinsiya. Ako lang ang lumuwas ng Maynila," aniya, hiniram ang kuwento ng isa nilang kasambahay.

Nagtanong pa ang lalaki at lahat ay sinagot niya base sa kuwento ni Ate Jonalyn. Nang matapos silang kumain ay nagtungo ito sa banyo. Narinig niya ang lagaslas ng tubig. Napatingin siya sa relo. Five minutes na lang. Mabilis niyang pinadalhan ng message si Pauline, maging ang kanyang mga kaibigan.

Mayamaya ay lumabas na sa banyo si Ramon, nakatapi ng tuwalya. Napalunok siya. Ang ganda ng katawan nito. Kumuha ito ng gamit sa backpack—suklay at deo.

Armida couldn't help but look. Bawat sandaling dumaraan ay mas lalo nang nagiging guwapo ang lalaki.

Naglakad ito patungo sa kama at naupo roon.

"Halika."

Noon siya kinabahan. Bakit parang wala pa ring epekto ang gamot?

"Dito ka." Tinapik nito ang hita, ibig sabihin ay kumandong siya dito.

Nag-alangan siya hanggang sa maisip na bakit ba siya matatakot kung anomang sandali ay babagsak na ito? Tumalima siya sa gusto ng lalaki. Napasinghap siya nang dumaan ang daliri nito sa kanyang mga labi, saka siya banayad na banayad na hinagkan.

Saglit na naghiwalay ang kanilang mga labi. Naunawaan niyang nawala pala sa puwesto ang wig niya mula sa paghaplos nito roon. Hinigit nito iyon at tuluyang natanggal. Mumurahin ang wig, props lang na nabili niya sa mall nang biglaan

kanina. Ni hindi siya marunong gumamit noon, isinuot lang niya. Agad humulagpos ang kanyang makapal na buhok, bumagsak. She had long, curly, dark-golden hair.

"Bakit tinago mo?" sambit nitong tila nag-aakusa, saka siya muling hinagkan.

Maingat siya nitong ibinaba sa kama, saka muling naglapat ang mga labi nila. Hinigit nito pababa ang kanyang blouse, saka isininunod ang kanyang bra. Bumaba ang mga labi nito sa kanyang dibdib. Para siyang sinilaban. Isang anas ang kumawala sa mga labi niya.

At bigla, ang bigat ng lalaki ay dumagan sa kanya. Natigagal siya, saka naunawaan na muntikan na siyang nagpatangay kay Ramon! Kung hindi umepekto ang gamot, ano pa kaya ang nangyari?!

"Oh, my God!" sambit niya, saka

itinaob ang lalaki kahit hirap na hirap dahil sa bigat nito. Tumayo siya. Hayun ito sa kama, nahubad na ang tuwalya at nakalantad ang katawan. At ang bahagi nitong kailangan niyang kunan ng video ay may reaksiyon pa.

He was huge.

Naitakip niya ang mga kamay sa bibig, saka naalala ang kailangang gawin. At napansin ding nakalabas pa ang isang boob niya. Agad niyang itinaas ang bra at blouse, saka nag-setup ng camera at nang masigurong tama ang anggulo para hindi makita ang kanyang mukha, gayondin ang mukha ni Ramon, ay nagsimula na siya. Inilabas niya ang shaver, nagsuot ng gloves, saka hinawakan ang maselang bahagi ng katawan ng lalaki. Pero dahil unti-unti na iyong lumiliit, natakot siyang mahiwa ito kaya ginawa niya ang isang ideyang

pumasok sa isip—itinaas-baba niya ang kamay doon hanggang sa maging fully alive, alert, awake, enthusiastic. Saka niya iyon mabilisang inahitan.

Inilagay na niya sa isang maliit na plastic bag ang mga buhok, isinilid ang plastic sa bag, maging ang gloves, saka hinagip ang phone at inilagay din sa bag.

Kinumutan niya ang lalaki, nilagyan ng unan sa ulo, saka nagmamadali nang isinukbit ang bag, malakas pa rin ang tibok ng puso. Paalis na siya nang muling mapatingin kay Ramon. Ewan, parang naawa siya rito na hindi niya maipaliwanag. The feeling did not make any sense but she felt it anyway. May cash siya sa wallet. Ni hindi na niya binilang kung magkano, basta kinuha niya at iniwan sa mesa.

Umalis na siya. Mission accomplished.

Hinding-hindi na niya makikita pang muli ang lalaki. Kapag nalaman ng kahit na sino ito, bukod sa puwede siyang makasuhan, sigurado ring mamamantsahan ang image hindi lang niya, kundi maging ng kanyang ama. And that simply was not acceptable.

The whole world need not know that Armida Almazan, the only daughter of Governor Arnulfo Almazan, granddaughter of Senator Armando Almazan, and great granddaughter of President Antonio Almazan, shaved the pubic region of a random stranger one fateful night.


The Man She
Couldn't Forget
VANESSA

# Chapter 1

"Tayong dalawa na lang ngayon, Beast," sambit ni Pilar habang nakahawak sa manibela ng lumang pickup. "Beast" ang ibinigay niyang pangalan sa sasakyan. Mandirigma iyon, hindi siya sinusukuan kahit kulang sa atensiyon.

Naisauli na niya ang susi ng nirentahang bahay at ngayon ay walang kasiguruhan ang naghihintay sa kanyang buhay. Blangko. Parang papel na kailangan niyang sulatan.

Na naman.

Ilang papel ba ang ihahain sa kanya ng tadhana? Ilang ulit siyang magsisimulang muli? Nakakapagod na.

Bumuntong-hininga siya at binuhay na ang makina ni Beast, na tanging malaking pag-aaring naisalba niya mula sa trahedya ng kanyang relasyon kung saan siya parang kandilang naupos, at ang bank account niya ay nasaid. Lahat ng naipon niya sa pagiging OFW nang ilang taon sa Kuwait. Nag-DH siya doon at ang unang planong hanggang dalawang taon lang ay nauwi sa pito. Sinuwerte din siyang isa lang ang naging amo at ang suweldo niya ay talagang malaki kumpara sa iba.

Pinaandar na niya ang sasakyan matapos kumonsulta sa map app para alamin kung saan mas mainam dumaan, Coastal Road ba o SLEX.

Beinte-uno anyos siya nang mag-

abroad. Ikalawang taon niya sa Kuwait, nakabili na siya ng bahay—suwerteng may nagmamadaling magbenta kaya bagsak presyo. Nabigyan niya rin ng sarisari store ang nanay niya. Pero isang araw, inatake ito at pumanaw. Ayaw na sana niyang bumalik noon sa Kuwait pero parang lalong ang lungkot-lungkot sa bahay kaya pinarentahan na lang niya habang patuloy sa pangangamuhan sa Middle East. Graduate siya ng Education kaya ang trabahong pinasok niya ay malayo sa kanyang natapos, pero kung magiging guro siya sa Pilipinas, titirik ang mata niya sa gutom.

Nag-ipon siya nang nag-ipon at habang nasa abroad, nakakilala ng isang Pilipino, si Edgar. Engineer sa Kuwait, nasa construction. Naging sila at nagplanong bumuo ng buhay sa Pilipinas. Kaya nang

umuwi na sila sa bansa, nagsimula sila ng isang negosyo—construction business, yaman din lang na engineer naman itong talaga. Bumili sila ng mga gamit—mixers, welding machines, building tools, hanggang heavy equipment. Naibenta niya ang bahay para pandagdag sa puhunan. At higit dalawang taon pa lang ang negosyo, natuklasan na niyang niloko lang siya ni Edgar dahil may asawa na pala ang gago, ginusto lang kunin ang pera niya. Wala daw siyang habol dahil dito nakapangalan ang lahat dahil siyempre nga naman, bakit sa kanya ipapangalan ang construction business kung ito ang engineer?

Tanga siya, aminado siya. Naging napakatanga dahil nagtiwala nang lubos. Naghabol siya at sa huli, payo ng abogado na tanggapin na lang niya ang settlement kaysa abutin ng dekada ang labanan nila,

wala na ring value ang pera niya sa panahong iyon. Nakipag-areglo na lang siya dahil upos na upos na rin ang emosyon niya kada hearing at sa delaying tactics ni Edgar. Kada hindi ito sisipot o kada magpapalit ng abogado ay waiting game na naman sila, pero kada appearance ay nagbabayad siya sa abogado. Kung hindi siya makikipag-areglo, mauubos ng abogado ang pera niya at makukunsumi lang.

Pera at si Beast ang nakuha niya. Ang kalahati ng pera ay ipinambayad lang niya sa loans na kinailangan niyang kunin nang magdemanda. Ang kalahati, ipinangtayo niya ng negosyo. Pero nalugi siya sa coffee shop na binuksan niya.

Nakagat niya ang labi para pigilan ang sariling umiyak. Akala niya ubos na ang luha niya pero galit pa rin siya kahit literal

na bumili ng kapayapaan si Edgar sa kanya. Ganoon pala iyon, nakasulat sa dokumentong legal, *"buy peace."* For sale ang kapayapaan. At siguro dahil binenta niya ang kanya kaya masama ang loob niya sa settlement hanggang ngayon, pero baka hindi rin siya naging ganoon kapait kung nagtagumpay ang coffee shop pero nagkautang-utang siya dahil doon, utang na hindi pa niya bayad.

Sa edad na thirty-three, nag-a-apply na siya sa mga agency para bumalik abroad nang may abogadong tumawag sa kanya at nakipag-usap. Laking gulat niya nang malamang sa kanya naiwan ng lolo niya ang lupain nito. Lolo sa ama na hindi siya kinilala noong unang panahon.

Para kasing telenovela ang kanilang kuwento. Nabuntis ang nanay niya, isang kasambahay, ng anak ng amo nito.

Matapobre ang pamilya. Ayaw sa nanay niya kaya hindi siya pinanagutan, nagbigay lang daw ng kaunting pera at inasahang solb na ang nanay niya doon.

Ang nanay niyang matatag, kahit ulila na, sinolo ang pagtataguyod sa kanya, habang ang tatay niya naman ay pinadala sa Zamboanga at doon ito nakatagpo ng asawa, nagpamilya, at kalaunan ay buong pamilya ang pumanaw sa isang sunog. Nang malaman iyon ng kanyang lolo ay inatake ang matanda at pumanaw.

Ikinagimbal niya ang balita dahil kahit paano, kadugo niya ang mga pumanaw. Sinabi lang ng abogado ang lahat sa kanya mahigit isang taon matapos ang insidente. Hinanap pa raw kasi siya niyon, hindi alam kung nasaan na siya at siya ay isang tagapagmana.

Tinahak na niya ang expressway

mayamaya pa. Makaraan ang mahigit isang oras, nakita na niya ang arko ng Sta. Teresita. Tinapik-tapik niya ang manibela, kinukumbinse ang sariling dapat na masaya siya dahil hindi lahat ng tao ay nakakatanggap ng pamanang lupain. Sagot iyon sa problema niya. Kaya kahit isinumpa niya noong hinding-hindi na babalik ng Sta. Teresita, hayun siya at pauwi na doon.

Pauwi. Na para bang tahanan pa rin niya ang bayang walang alaalang iniwan sa kanya kundi masasama lang. Pamilya ng kanyang ama na hindi siya kinilala at isang eskandalong nakakapagpatindig pa rin ng kanyang balahibo kapag naiisip niya dahil masyadong malisyoso at isang malaking kasinungalingan. Puro bad memories ang iniwan sa kanya ng Sta. Teresita.

*Alam mong hindi `yan totoo,* kontra ng

isip niya. Kunsabagay. Madami ring masasayang alaala ang bayan na iyon. Doon siya lumaki, doon nagtapos ng elementary at high school.

Doon niya rin nakilala si Danilo.

"Pucha naman, o," sambit niyang naihampas ang kamay sa manibela nang biglang mamatay ang makina. Tinangka niyang paandarin pero nagtampo yata ang sasakyang talaga namang dapat nang madala sa mekaniko pero inakala niyang ubra pang ilakad ngayon. One last long drive bago ipa-tune up.

"Ngayon pa talaga," daing niya. Kung kailan madilim na at nasa "Kalye Diliman" siya, sa Purok Tambakan. Noong bata siya, palaging kasali sa kuwentong katatakutan ang lugar na iyon, isang mahabang stretch ng kalsadang napakadilim at makailang ulit naging tapunan ng mga *sinalvage*. Kaya

nga tinawag na Purok Tambakan daw ay dahil tambakan diumano ng mga patay noong unang panahon.

Ngayon, maliwanag na doon dahil sa mga poste sa daan, may mangilan-ngilan ding dumaraan pero ewan, kabado siya na hindi maintindihan. Lalabas ba siya? Siguro iyon ang pinakamaganda niyang gawin.

Kinuha niya mula sa glove compartment ang taser, saka isinuksok sa likuran. Bumaba siya at pinara ang unang van na dumaan pero sa halip na tumigil ay lalo pa niyong binilisan ang pagpapatakbo. Mukhang siya pa ang napagkamalang masamang loob, ah? Dalawang kotse pa ang pinara niya pero tulad ng una, nagmadali pa nang kawayan niya.

Muli siyang sumakay sa pickup, naisip na mas mainam sigurong tumawag siya ng

saklolo online. Siguro naman ay may mga Facebook group ng mga motorista sa area na iyon. Ang kaso mo, hindi naman auto-approve kapag sumali sa FB group.

"Bad trip!"

"Miss?"

Napatili at igtad siya, sabay lingon sa bintana. Kinakatok ng isang lalaki ang salamin. Awtomatikong kinuha niya ang taser pero sa sandaling rumehistro sa kanya kung sino ang nagmamay-ari ng guwapong mukha sa labas ng bintana ay napatigagal siya.

*Danilo...*

Kumatok muli ito sa bintana. "Miss, pakibaba ang bintana."

Noon lang siya natauhan, malakas ang tibok ng puso. Agad niyang ibinaba ang bintana. Nanatili lang siyang nakatingin sa mukha ng lalaki. Hindi niya inaasahan na

lalo lang itong gumuwapo. Nakakalunod pa rin iyon—mga matang parang pagtingin pa lang sa `yo, mai-in love ka na agad; matangos na ilong; magandang mga labi at ngipin; makakapal na kilay. Barakong-barako sa kayumangging balat. Matangkad ito, mahilig pang mag-basketball noon kaya maganda ang katawan.

Malaki na kaya ang tiyan? Gusto niyang makita. Mamaya, kapag nakalayo-layo ito.

Nakikilala kaya siya nito? Parang hindi.

"Bawal pumarada dito, miss," sabi nito, may awtoridad ang tinig.

Wala na siyang balita sa lalaki. Wala nang balita sa mga taga-Sta. Teresita, actually. One time lang, may kaklase siyang nakita sa Dubai International Airport habang layover niya pero iyon lang. Umiwas siyang sadya. Puro kahihiyan ang

inabot niya doon kaya hindi na niya babalikan pa sana pero heto siya. At sa kung anong biro ng pagkakataon, kapapasok pa lang niya halos sa bayan, sinalubong agad siya ng nakaraan.

Bahagya siyang nainis na walang pagkilala sa mukha ni Danilo. Kasabay noon, naisip niyang baka pulis na ito ngayon dahil pa-graduate na ito ng Criminology noon. Habang siya naman ay gusto lang na makapagtapos sa kolehiyo ng bayan pero kinailangan nilang lisanin ng nanay niya ang lugar dahil inakusahan siya, isang disiotso anyos, na kumabit sa hepe ng pulis, na tiyuhin naman ni Danilo.

At isa si Danilo sa nagpaalis sa kanya, imbes na paniwalaan siya. Akala niya, may pagtingin ito sa kanya, na magiging boyfriend niya ito, pero naniwala ang lalaki sa chismis ng iba.

Masakit pa rin sa pride niya ang nangyari. Pero ayaw niyang balikan ngayon sa harap nito. Kung hindi siya nito naaalala, mas okay, kahit kataka-taka dahil hindi naman halos nagbago ang hitsura niya, malibang nagkalaman siguro siya at, well, tumanda. After all, twelve years ago na iyon.

"N-Nasiraan ako," sabi niya, gustong mainis dahil bakit siya nautal?

"Madami kang karga. Saan ka papunta?" anitong bahagya pang tumingin sa likod ng pickup.

"Sorry pero may authority ka bang tanungin ako?" aniya.

Tumingin ito sa kanya, matagal, sa puntong nailang siya, saka ito ngumiti.

"Mataray ka pa rin. Kumusta ka na, Pie?"

*Pie,* ito ang unang tumawag sa kanya

noon. So, naalala pa pala siya nito. Mas okay pala ang hindi, dahil nailang na siyang lalo dito.

"A-Ano'ng ginagawa mo dito?" aniya dahil ayaw niyang sagutin ang tanong.

Kumusta siya? Iyon lang naman ang lowest point ng buhay niya, financially at emotionally. Oo, may namana siyang lupain pero ni hindi niya alam kung ano ang gagawin doon. Kung ibebenta niya, mabibili ba agad? Bayad ba ang amilyar? Paano kung baon din pala sa utang? Eh, di nadagdagan lang ang utang niya. Malalaman pa lang niya ang mga detalye sa mga susunod na araw pero sumugod na siya sa Sta. Teresita kaysa umandar na naman ng isang buwan ang upa niya sa bahay. Ganoon kasagad ang budget niya. Kaya para sagutin ang tanong ni Danilo kung kumusta na siya, simple ang sagot—

baon sa utang; pakiramdam ay sobrang stressed; dry na dry lahat sa kanya—skin, hair, bulsa, at sense of humor. Habang ito ay mukhang preskong-presko, mabango, walang problema sa mundo.

"Hindi puwede dito ang sasakyan, Pie. Bawal. May ordinansa ang bayan," anang lalaki.

"Kasalanan ko bang nasira ang sasakyan ko?" angil niya dahil lately, ganoon ang estado niya, galitin, walang pasensiya, mabilis ma-trigger. Kapag walang pera ang tao, nagiging dragon.

"Hindi ko sinasabi `yon. Ang sinabi ko lang, bawal. Mainit naman masyado ang ulo mo? Pasaan ka ba? Mukhang madami-dami itong kargada mo."

Nasa likod ng pickup kahit ang maliit niyang ref. Para siyang pagong na dala ang buong bahay, at actually, ang buong buhay

niya. Sino ang hindi mabi-bitter na ang summary ng lahat ng kaganapan sa buhay niya ay hayun na?

"Pa-Puting Ilog ako," tugon niya.

"Sa lupa ng lolo mo?"

Tumango siya.

"May gamit ka ba diyan? Baka puwede kong tingnan ang makina, maremedyuhan kung kaya."

"May toolbox ako sa likod."

Bumaba na siya. Kahit makapal ang suwelas ng hiking boots niya, hanggang ilalim lang siya ng tainga nito. Five-four lang siya, plus half inch sa suwelas. Six-footer si Danilo kaya captain sa basketball.

Naiangat niya nang bahagya ang mukha para tumingin dito. Ang bango rin ng buwisit na lalaki. Nasaan ang hustisya na sa ganitong hitsura niya sila nagkita? Lumang tank top at kupas na maong ang suot niya.

Habang ito ay pangmotor na jacket at maong na halatang mamahalin. Natanaw niya sa likuran ng pickup ang isang malaking motorsiklo. Hindi naman mukhang pang-hagad. Imposible rin naman itong madestino sa kalsada dahil hepe ang tiyuhin.

*Diyos ko, ni hindi ko alam kung buhay pa ba si Chief,* sa loob-loob niya. May kalokohan din ang hepe sa babae noon at nahulaan niya iyon, pero minalas siya dahil siya ang napagbintangan ng asawa nito.

At ang haba-haba na ng kamalasan niya sa buhay kaya sana, dito sa Sta. Teresita ay tigilan na siya niyon. Kumbaga, sana umikot na ang suwerte. Ewan lang kung baka babala si Danilo. Parang sinasabing balik na naman sa dati ang buhay niya doon. Pero ayaw niyang maniwala sa mga ganoong pangitain. Hindi uso sa kanya ang

ganoon.

"Hahanapin ko na lang—"

"Hindi na. Meron ako sa motor."

Pinagmasdan niya lang itong kunin ang ilang gamit sa motorsiklo. Pinabalik siya nito sa pickup para buksan ang hood, ang sabi ay i-start niya ang makina. Hindi talaga nabuhay ang makina. Mayamaya ay lumapit na itong muli.

"`Sing-edad mo yata ang baterya mo," nakangiti nitong komento, halatang nagbibiro.

"Mas matanda ka sa `kin!" angil niya pero napangiti rin kasabay ng iling, kahit napahiya. Deadma sa kanya ang pickup dahil sa taong walang-wala, talagang ipagpapaliban muna ang mga hindi urgent. Bihira niyang gamitin ang sasakyan dahil malakas sa gas kaya hindi niya napapa-tune up.

"May bukas pa sigurong tindahan ng baterya," anito.

Nanlamig siya dahil sa totoo lang, isang libo na lang ang pera niya. May inaasahan siyang papasok na pera sa susunod na linggo, iyong huling bayad ng pumakyaw ng gamit niya sa coffee shop. Ano na lang ang iisipin ni Danilo na wala siyang kapera-pera? Ni pambili ng baterya ng sasakyan, hindi niya kayang bayaran. Pucha, kadarating pa lang niya, napahiya na siya agad.

Mabilis niyang pinagana ang isip. Si Tess, anak ng landlady niyang masungit, baka puwede siyang pahiramin. Live seller iyon, malakas kumita, ang kaso ay ganoong oras iyon nagla-live selling.

"S-Saan ba merong ATM dito? Wala akong cash, eh," aniya.

"Ako na bahala," sabi nito.

Ano'ng choice niya? Magdadahilan na lang siya rito kapag naningil na, sasabihin niyang down ang bangko niya o kung anuman.

"Sige. Bayaran na lang kita mamaya," aniya dahil hinding-hindi siya aamin na one kyaw na lang ang pera niya at hihintayin muna niya ang hihiraman ng pera bago makakabayad dito.

Inilabas nito ang phone. Siya naman ay nagpadala ng mabilisang message kay Tess, saka ibinalik sa bulsa ang gadget.

May kausap na sa puntong iyon si Danilo. "Gomez, kailangan ko ng baterya ng sasakyan." Binanggit nito ang modelo ng pickup. "Oo, kamo ako ang nagpapakuha. Sige."

Bumaling sa kanya ang lalaki. Inulit nito ang tanong kanina, "Kumusta ka na?"

Kung bakit biglang nag-init ang

kanyang mukha, kasabay ng pagbilis ng tibok ng puso niya. "A-Ayos naman."

"Mukhang palipat ka na sa Puting Ilog. Nag-iisa ka?"

Tumango siya. "Oo."

Siguro, masyado niyang dinibdib ang kahihiyan sa lahat ng nangyari sa kanya kaya may nadama siyang pagka-defensive dahil parang gusto niya agad depensahan ang sarili at pakiwari niya ay alam agad nito na naghihirap siya sa buhay. Pinaalala niya na lang sa sarili na wala itong pakialam sa buhay niya. So what kung naghihirap siya? Walang masama doon. Wala siyang pinagnakawan. Siya ang pinagnakawan. Bakit siya pa ang mahihiya?

Nakakahiya lang siguro na para bang failure siya. Ilang taon siyang nagpakahirap sa ibang bansa, trabahong pisikal at hindi

biro, kulturang hindi niya kinasanayan, at pagkatapos noon ay wala rin. Umalis siya sa Sta. Teresita na may iniwang sumpang ipapakita sa lahat ng tao roon na may mararating siya pero wala siyang narating.

Kunsabagay, naisip lang niya iyon bago siya umalis. Kalaunan, mas naging desidido siyang huwag nang bumalik kailanman. Pero kinain din niya ang pangakong iyon. Gayunman, hindi iyon alam ni Danilo.

*Wala siyang pakialam,* paalala niya sa sarili. *Baka nga siya pa ang dapat mahiya. Pulis `yan so madaming kinotongan. At malamang tumaas lang ang ranggo dahil sa tiyuhin—iyon, eh, kung mataas na ang ranggo. Siya ang dapat mahiya sa sambayanan.*

"Walang asawa?" tanong nito.

Napatingin siya rito. Nakangiti ito,

friendly smile. Parang genuine ang kasiyahan sa pagkakita sa dating kakilala. Hindi niya maiwasang mainis. Bakit parang balewala dito ang lahat? Nalimutan na ba nito?

Puwes siya ay hindi. Traumatic sa kanya ang nangyari at ngayon, ngingiti-ngiti ito na parang hindi ito nakiisa sa pagpapalayas sa kanya kahit alam naman nitong wala siyang kasalanan. Lalong wala itong karapatang magpaka-casual-casual.

"Wala," sagot na lang niya dahil hindi niya ipapakita ditong apektado pa rin siya. Ayaw niyang magmukhang abang-aba. Walang-wala na nga nang magbalik, bitbit pa ang nangyari may labingdalawang taon na ang nakakaraan. Hindi na umasenso, hindi pa maka-move on at bitter. Hindi magandang kombinasyon. "Ikaw?"

"Binata pa rin. Kumain ka na ba?"

# Chapter 2

Nalito ang damdamin ni Pilar dahil mabait pa rin si Danilo, tila nagbukas ng pinto sa pagkakaibigan. At paano niya naman iyon mapapasok kung masama pa rin ang loob niya sa nangyari noon?

Ano nga ang tanong nito? Kung kumain na raw ba siya.

"Oo, dumaan ako sa kainan sa daan," pagsisinungaling niya, sakali mang gusto nitong mag-imbitang kumain. Isa pa ay pagod na rin siya, hindi pa niya alam kung ano ang daratnan. Ang sabi lang ng

abogado, puwede na siyang pumunta sa farm at kunin na lang niya sa katiwala sa susi ng main house.

Noon nag-ring ang phone niya. Si Tess ang tumatawag. Agad niya iyong sinagot.

"Tess, pasensiya ka na," sambit niyang bahagyang lumayo kay Danilo.

"Magkano ang hihiramin mo? Nasaan ka na ba?"

"Nandito na sa Sta. Teresita. Nasira na ang pickup. Bumigay na ang baterya kaya tumirik ako sa daan. Uhm, mga e-eight." Napangiwi siya, pabulong na sinambit ang halaga. Treinta ang makukuha niyang last payment, at kulang pa iyon sa huhulugan niyang arrears at bawas na agad ngayon. Alam niyang mahal ang baterya ng pickup. Mahina na ang five kyaw doon. Pero puwedeng umabot ng siyete mil. Maigi na ang sigurado.

"Eight thousand? Sige pero ibalik mo, ha? Ipapadala ko na lang sa GCash mo."

"Oo, promise. Next week. Next week `yong last ni Anton," tukoy niya sa kaibigan nitong siya ring pumakyaw ng gamit niya.

"Okay, sige. Ingat ka, ha? Balitaan mo na lang ako. Send ko na ngayon."

Nagpasalamat siya rito at tinapos na rin ang tawag. Ibinulsa na niya ang phone. Ekaskto namang nakita niyang paparating na ang isang motorsiklo, unipormadong pulis ang sakay. Sa mismong tapat nila iyon humimpil. Sumaludo kay Danilo ang sakay. Sumaludo rin dito ng pagkilala si Danilo, saka sinabing itabi ang motor sa unahan.

Tama ang hinala niya. Mataas nga ang ranggo ni Danilo para saluduhan ng pulis na hula niya ay kuwarenta anyos na,

maitim, balingkinitan, may hitsura.

Ang dalawa ang nagkabit ng baterya. Mayamaya ay sinabihan na siya ni Danilo na i-start ang makina. Salamat at mabilis iyong nabuhay.

Isinara na nito ang hood, saka lumapit sa bintana, ipinatong ang mga braso doon. Napasinghap siya sa lapit nila.

"Okay na," sambit nito, nakangiti.

"S-Salamat. M-Magkano?" Siyempre, bukod sa baterya, kailangan niya ring abutan ang dalawa ng pangmerienda, hindi ba?

"Ihahatid ka na namin para siguradong hindi ka na titirik," sabi nitong sinenyasan na ang pulis, habang ito naman ay sumakay na rin sa motorsiklo at nilagpasan siya. Ibig sabihin ay sundan niya ito na siyang ginawa niya. Sa isip, nagkukuwenta siya kung magkano na lang ang matitira sa

kanya at base doon ay ibababawas niya ang iaabot sa mga ito. Napakahirap talaga kapag ganoong dukhang-dukha siya.

Inabot ng beinte minutos ang biyahe dahil ibang daan ang tinahak nila. Ibang-iba na pala ang Sta. Teresita. May kalsada nang hindi dadaan sa downtown para marating ang Puting Ilog. At nang marating na nila ang sadya ay nabigla siyang makitang ang pagkahaba-habang mataas na bakod nilang dinaanan ay bahagi pala ng lupain dahil humimpil sila sa mataas na gate na konektado doon—at sa kabilang side ng gate ay nagpapatuloy pa rin ang bakod. Para bang walang katapusan. Hindi niya alam na ganoon pala kalaki ang lupain dahil noon naman ay wala iyong bakod. Dumaraan siya doon noong unang panahon pero wala pang gate na malaki, hindi rin niya alam kung gaano

kalaki sa loob pero sabi ay malawak daw. Hindi siya kailanman nakapasok doon.

Mayroong arko sa itaas—Villa Remedios. Iyon ang pangalan ng lola niya na pumanaw bago pa siya naisilang.

Kailangan niyang amining na-excite siya sa mga posibleng pagbabagong positibo sa buhay niya mula roon. Malaking halaga kung maibebenta niya ang villa. So sigurado nang makakabayad siya sa utang. Pero kung hindi binenta kailanman ng lolo niya, ibig sabihin ay kumikita pero wala siyang alam sa farming. Saan din siya kukuha ng puhunan? Pero magagawan na siguro niya ng paraan kung mayroon siyang collateral.

Si Danilo ang nag-doorbell at nang bumukas ang pedestrian gate ay sumaludo rito ang tauhang lumabas, isang mamang malaki ang tiyan. Hinawakan iyon ni

Danilo sa balikat bilang pagbati, itinuro siya, saka nagpaliwanag saglit. Tumingin sa kanya ang lalaki at sumaludo rin, saka tila may pagmamadaling binuksan na ang malaking gate.

Pumasok na sila doon. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang mahabang sementadong daan papasok. May poste ng ilaw sa magkabilang panig na unti-unting bumukas. Siguro ay noon lang binuksan ng bantay. Sa dulo ng kalsada ay isang malaking bahay na bagaman halatang luma na ay mukhang bago ang pintura. Siguro napinturahan bago pumanaw ang lolo niya.

Bumaba na siya sa pickup. Lumapit sa kanya si Danilo, gayondin ang pulis.

"Pinaradyuhan ko `yong katiwala, si Nanay Helen," ani Danilo.

"Kilala mo sila?"

Tumango ito. "Sigurado ka bang kumain ka na?"

"O-Oo. Ikaw ba?" Inilabas niya ang last cash mula sa bulsa. "Ito nga pala, pangmeryenda n'yo ni Sir," aniyang sinulyapan ang pulis na nagyoyosi.

Bigla iyong nagkasamid-samid, tila nabilaukan sa usok ng sigarilyo.

"Diyos ko, ang baga ko," sambit niyon, napahawak sa dibdib.

"Sabi ko sa `yo, tigilan mo na `yang yosi, eh," komento ni Danilo.

Biglang tumawa ang pulis, tumingin sa kanya, sa pagkakataong iyon ay parang may bahid ng pagkaaliw o pagka-curious ba iyon?

"Itabi mo na `yan," sabi ni Danilo, isinara ang kamay niya. Naipit sa palad niya ang lilibuhin.

"Sige na, Danilo. Malaking abala."

"Hindi na. Itabi mo na. Kung gusto mo `kong bayaran, sumama ka na lang sa `ming kumain."

Tatanggi sana siya pero ipinahiya siya ng tiyan na biglang kumalam. Nag-init tuloy ang kanyang mukha.

"S-Sige."

Noon niya nakita ang isang e-bike na humimpil sa tapat ng bahay. Isang aleng siguro ay lagpas sisenta ang edad ang bumaba roon, may belt bag na maubok, hitsurang bising- busy, tipong bawal istorbohin kung hindi importante ang sadya. Masiyahin ang bukas ng mukha nito.

"Pie, si Nanay Helen, siya ang namamahala dito sa villa. Nanay Helen, ito po ang apo ni Boss Gibo," pakilala ni Danilo.

"Kumusta po?" aniyang nakangiti rin.

"Ayos naman po, ma'am. Magandang gabi po sa inyo," bati nito sa kanya, malapad ang ngiti, saka bumaling kay Danilo. "Magandang gabi din sa `yo, Mayor." Sa pulis na kasama. "*Ibning*, Tinyente."

Dama ni Pilar ang panlalaki ng mga mata. Mayor ng bayan o pulis major? Sandali, bakit may *meyoran*? Nakamotorsiklo ang lalaki kanina, nagpatawag ng pulis, so baka nga mayores na sa PNP. Alangan namang mayor ng bayan na walang bodyguard? Sa lugar kung saan may tambakan ng mga *sinalvage*? Malabo. Bakit ba kasi wala siyang kaalam-alam sa Sta. Teresita? Kahit iyong mga kaklase niya noong high school, hindi na niya pinagkaabalahang hanapin pa. Wala ring nakahanap pa sa kanya dahil hindi Maria Pilar Agoncillo ang gamit niyang

pangalan sa social media kundi "Maria Gonchi." Wala siyang picture, naka-private ang profile, at noong huli ay hindi na nag-abalang mag-login dahil alam niyang puro pagmumura lang ang ginagawa sa kanya ng asawa ni Edgar gamit ang iba't ibang accounts, inii-stress siya. Magsama ang dalawa.

Siya pa ang inaway ng babae, ito naman ang nakinabang ng pera niya at nang makaharap pa niya sa mediation ay makapal pa ang mukhang sabihing wala na siyang dapat bawiin dahil nakapanakit siya ng pamilya. Tigas lang ng mukha samantalang ano bang malay niyang asawa pala ang asawa nito? Hinala pa nga niya, magkasabwat ang dalawa. Madaming signs pero ang ending, settlement na tiba-tiba ang mga ito at luging-lugi siya. Kung minsan, mas mahalaga ang peace of mind

kaysa pera. At dahil doon, hindi niya unang takbuhan ang social media. In fact, wary siya doon at ginagamit lang niya noon para sa coffee shop. Anyway, ilang piraso lang namang talaga ang friends niya sa Facebook. Ano bang malay niyang dapat pala sanang sinilip muna niya ang Facebook ng Sta. Teresita kung meron man?

"Maigi po't nakabisita na rin kayo dito, ma'am. Ay, matagal-tagal na rin po kaming naghihintay sa inyo. May isang taon na rin po nang pumanaw ang lolo ninyo. Ay, ang abogado ang nag-asikaso ng St. Peter at tatlong araw lang, pina-cremate na rin. Wala naman sa aming sinabi. Kung ako lang ay talagang dapat na iyong makulong."

Nagtaka siya pero hindi umimik dahil nahiya. Kapag nakaalis na si Danilo saka

niya itatanong kung bakit dapat makulong ang abogado. Pero baka nakahalata si Danilo na wala siyang alam dahil nagtanong ito.

"Alam mo ba ang nangyari?"

"H-Hindi, actually. Tinawagan lang ako ng abogado."

"Ay, naku, ma'am, kung hindi po kami lumapit kay Mayor, kakamkamin na ng abogado itong lupa!" biglang bulalas ni Nanay Helen. "Gawa po mula nang pumanaw ang lolo niyo'y lahat na ng kita ng villa, kinukuha ng abogado. Buong akala naman namin, eh, siya rin ang representante ninyo. Aba'y nagulat na lang kami nang minsang tumawag at sinabing mayroon daw pupuntang *magsosorbey*. `Kako'y ba't *isosorbey* kung hindi ibebenta? Ilang araw pong *nagsorbey* sa laki ng lupain, eh. Makaraan ang ilang linggo, nagsimula

nang magpalagay ng mga muhon. `Kako'y iba na `to. Bakit kami'y hindi nasabihan at baka isang araw, eh, mapalayas na lang kami dito. Siya `kako, maisumbong kay Mayor. Buti na lang po talaga't nagsabi kami. Si Mayor po ang nagpaimbestiga at inihahanda pa lang pala ang bentahan, buti't naagapan. Idedemanda po ba ninyo, ma'am? Malaki-laki rin pong pera ang nakuha no'n at halos isang buong taong kita ng farm!"

Laglag na ang panga niya. Napatingin siya kay Danilo.

"I-Ikaw ang nagpahanap sa `kin?"

"`Yong abogado."

"Ay, ma'am, si Mayor po ang tumulong sa amin na alamin at kumuha ng abogado namin gawa nagsimula naman po ang lahat dahil na rin hindi kami nabibigyan ng dibidente mula nang pumanaw ang lolo

ninyo. Kami po kasi'y may dibidente ring natatanggap dito."

Wala siyang masabi kaya tumango na lang siya. Ipinakita na sa kanya ni Nanay Helen ang kabahayan. Malaki iyon, malinis, hindi rin amoy lumang bahay dahil mukhang kare-renovate lang.

"Bago po pumanaw ang lolo n'yo, ma'am, pinaayos niya itong bahay dahil luma na rin. Gumagana pa pong lahat ng appliances, ma'am, at bago pa ang karamihan. Wala nga lang pong pagkain pa dito at wala namang nakatira. Kada dalawang linggo po akong naglilinis dito, kasama ang ilang tagarito."

"Sumama po kayo sa amin, Nanay, maghahapunan lang," sabi ni Danilo.

"Naku, hindi na. Ako'y tapos na rin. Siya, dito na ako matutulog ngayong gabi. May ibababa po bang gamit, ma'am?

Paparito na rin si Rene, `yong nagbukas ng gate."

"`Yon lang pong gamit sa likod ng pickup."

"Kami na po ang bahala, ma'am."

Tumango na lang siya at humarap kay Danilo.

Ngumiti ito. "Tara na?"

Muli ay tango lang ang nakaya niyang itugon kahit isang libo't isa ang kanyang mga katanungan. Nagtungo na sila sa motorsiklo nito. Inabutan siya ng lalaki ng helmet. Isinuot niya iyon. Malinis, mabango, hindi tulad sa mga pampasaherong motor. Iyon ang karaniwang sinasakyan niya lately, palibhasa nga ay mahal ang gasolina ng pickup.

Agad na nitong pinaandar ang motorsiklo. Napakapit siya sa baywang

nito.

"Ayos ka lang?" tinig nito sa communication system sa helmet.

"O-Oo. Mayor ka ba ng bayan o police major?"

"Tumakbo ako noong eleksiyon. Nagdagdag-bawas kaya nanalo," anitong halatang nagbibiro ang tono.

# Chapter 3

"Ba't hindi mo agad sinabi?" sumbat ni Pilar kay Danilo. Hiyang-hiya ang pakiramdam niya. Siya na ang nag-abot ng pang-merienda sa mayor ng bayan. One kyaw. Ang cheap. "Wala kang bodyguard?"

"Hindi na kailangan `yon. Maayos na ngayon dito sa atin."

Hindi na siya umimik dahil ano pa ang sasabihin niya?

"Matagal na bang hindi nadalaw dito?" tanong nitong muli.

"O-Oo. Fiteen years." *Mula noong*

*pinalayas mo ako, tulad ng ibang mga tao dito.*

"Madami nang nagbago. Madami na ring daan at madaming bubuksan pa. Matutuwa ka. `Yong lupa mo, in a few years, lalong tataas ang value. Kaya nga siguro pinag-interesan no'ng abogado. Nabanggit na rin siguro ang nangyari sa papa mo?"

"O-Oo." Muli, wala siyang masabi dahil hindi niya naman nakilala ang ama. Sperm donor nga ang bansag niya roon sa isip. Hindi niya nakilala pero minsan niyang nakita sa isang mall. Kasama niya ang nanay niya noon kaya naituro sa kanya, kung hindi ay hindi niya alam. Mabuti pa ang multo, nagpaparamdam kung minsan, ang tatay niya ay hindi kailanman.

"Kinalulungkot ko ang mga nangyari sa pamilya mo, Pie," anito.

"Alam mong hindi ko sila nakilala," sabi na lang niya. Kung may isang taong nakakakilala sa kanya sa Sta. Teresita, sa kasamaang palad, si Danilo iyon. Kasamaang palad dahil nga isa ito sa nanglaglag sa kanya noong unang panahon.

Dapat siguro niyang isarado na ang yugtong iyon dahil ibang-iba na sila ngayon. Mayor na ito ng bayan. Hindi pa rin siya makapaniwala. Noon, hanggang madaling araw ang palitan nila ng text. Nasa kanya pa rin ang lumang phone, hindi niya maitapon. Nandoon pa rin ang mga message nito. Ilang panahon niyang binasa-basa iyon, in-analyze, iniyakan, nag-overthink.

Si Danilo ang first love niya.

"May abogado ka na ba?" tanong nito.

"W-Wala pa. Baka puwede `yong kina

Nanay Helen na rin, mukhang magaling," aniya.

"Mas maganda nga kung siya na rin ang hahawak. Ibibigay ko sa `yo ang number mamaya. Teka, kumakain ka pa rin ba ng tapsi?"

"Oo naman," aniya.

"Ayos sa `yo sa Tapsi ni Daisy?"

"Oo. Nakaka-miss," sambit niya. Doon sila madalas kumain noon. Iyon ang pinakasikat sa bayan nila. Kahit iyong mga taga-kabilang bayan ay dumadayo sa tapsihan ni Aling Daisy. "Masarap pa rin?"

"Parehong-pareho pa rin ang lasa. Ang problema lang, eh, kung minsan punuan dahil na-feature sa mga vlog kaya kahit taga-Maynila, dumadayo. Pero malakas naman tayo kay Darling." Ang tinukoy nito ay ang anak ni Aling Daisy na siguro ay kasing-edad ng kanyang nanay at ayaw

na ayaw magpatawag ng "Aling Darling."

Napahagikgik siya. "Kumusta na si Darling?"

"`Ayun, pulang-pula pa rin ang nguso." Tumawa ito kaya napatawa na rin siya. Noong araw pa, hinding-hindi makikita si Darling na walang makeup at palaging pula ang lipstick nito. Ito iyong tipo ng matandang ayaw na matatanong ng edad, kahit naka-daster ay may kolorete, palaging de-kolor ang hair, at hinding-hindi mo makikitang hindi bagong mani-pedi.

Ipinarada ni Danilo sa tapat ng maliwanag na kainan ang motorsiklo. Ang lapad na ngayon ng kainan pero puno. May pila pa sa counter. Hinubad niya ang helmet, nakangiti.

"Tara sa gilid dumaan," anitong sinenyasan ang pulis na sumunod sa kanila.

Bahagya siyang napasinghap nang abutin nito ang kamay niya saka sila naglakad patungo sa gilid ng Tapsi ni Daisy at doon ay mayroong gate na may guwardiyang agad sumaludo kay Danilo.

"Mayor, good evening."

"Magandang gabi, manong. Nandiyan si Darling?"

"Nasa loob, mayor. Pasok po."

Tumuloy na nga sila. Pumuwesto sila sa bukas na shed, kubo style. May limang sheds doon. May mesa at mga komportableng upuan. Base sa menu at condiments na nakapatong sa mesa, mukhang sadyang kainan ng VIPs. Tumingin na sila sa menu. Mayamaya ay may lumapit sa kanilang waitress. Hula niya ay niradyuhan ng guard.

"Ang dami nang bago," sambit ni Pilar. Noong araw kasi, tapsihan lang talaga

iyon, basic silog lang ang nasa menu board na sinauna, iyong may ilaw sa likod at sinusuksukan ng mga letra at sa magkabilang gilid ay may pintura ng logo ng soft drink, pamana ng Coca-cola Corporation kay Aling Daisy na noong mga panahong iyon ay matanda nang talaga at hindi na nagluluto. Si Aling Darling na talaga ang naabutan nila. Ngayon, menu na legit at sandamakmak na silog na nga ang nakalista, may pares din, lechon kawali, sisig, at mga short order na pang-Chinese panciteria—kikiam Binondo, siomai, chami, chopsuey, wonton soup, at iba pa.

"Intsik ang napang-asawa ng anak ni Darling kaya biglang naningkit ang menu," paliwanag ni Danilo.

Natawa siya. Mahilig pa rin itong mag-joke, kahit hindi woke. May natural itong

charm kahit noon. Hindi lang niya inasahan na magiging mayor ito pero siguro ay hindi naman din nakapagtataka dahil nga malakas ang karisma nito sa tao. Noon pa, sikat na sikat ito hindi lang sa school kundi maging sa bayan dahil crush ng kababaihan, captain ball kasi. Kahit mga nerd, crush ito dahil leader ng debate club, nilalaban din sa oration. At ang galing-galing nito. Kapag nagsalita, parang... parang politiko, ngayon lang niya naikompara. Engaging, parang maniniwala ka kahit ano ang sabihin.

At minsan siyang naniwala nang sabihin nito sa kanyang mahalaga siya rito. At tulad ng politiko, isinulat lang pala sa hangin. Mahalaga pero... Napalunok siyang bigla. Siguro talagang pagod na lang siya kaya parang mahina ang emosyon niya sa gabing iyon, hindi matatag. Pagod sa

magkakasunod na dagok ng buhay, pagod sa pagkayod. Pero heto na ang araw, mukhang masisikatan na siya. Sa wakas.

"Mayor!"

Napatingin sila sa nagsalita. Agad siyang napangiti nang malapad. Hindi pa rin nagbabago si Darling. As in ganoong-ganoon pa rin, maliban sa tumaba nang kaunti.

"Darling, good evening," nakangiting bati rito ni Danilo. Ang guwapo-guwapo nitong lalo kapag nakangiting ganoon. Doon siya nabaliw noon, sa ngiti nito, at kapag nagseryoso, sa mga matang parang tumatanaw sa kaluluwa niya.

Maykaya ang pamilya nito, pero ito mismo at ang nanay nito ay hindi masasabing nakakaluwag sa buhay. Ang totoo, mahirap din ang mag-ina na tulad nila ng nanay niya. Iniwan kasi ito ng ama

at ang ina naman ay iyong "assistant manager" ng pamilya kumbaga. Iyong nauutus-utusan ng head of the family—ang lola ni Danilo. Samakatuwid, ang nanay ni Danilo ay walang trabaho ay nakaasa sa abot ng ina at mga kaanak dahil ito na rin ang inasahang mag-aalaga sa matriarka ng pamilya, ang mag-aasikaso sa mga pangangailangan ng lahat. Alam niyang hirap si Danilo noon dahil nang pumanaw ang lola nito ay nagkaroon ng agawan sa lupa at sa huli, pumayag na lang ang nanay nito sa pangako ng mga kapatid na patirahin ang mag-ina sa compound, paano raw ay wala namang kontribusyon sa ipinambili ng lupa at ipinampatayo ng bahay.

Kumbaga, hindi pinayagan ng mga ito ang nanay ni Danilo na maghanap ng trabaho noon at inatasang mag-alaga sa

nanay ng mga ito at mag-asikaso sa pangangailangan ng malaking pamilya, pero sa huli, nagtuusan ng nailabas na pera at lumalabas na magpasalamat pa ang walang trabahong nanay ni Danilo dahil pinag-aral ang anak nito.

Masamang-masama ang loob ni Danilo nang ikuwento iyon sa kanya dahil naawa raw ito sa nanay nito. Noon, sabay silang nangarap para sa kanya-kanyang ina—na darating ang araw na maibibigay nila sa mga iyon ang isang magandang buhay. Nagtagumpay na si Danilo doon malamang. Siya naman, kahit paano ay naiparanas sa nanay niya ang alwan bago ito pumanaw. Mabuti na ring hindi nito nasaksihan ang pagsadsad niya sa lupa dahil sa maling lalaki.

Ilang ulit niyang inisip kung bakit nga ba siya naloko ni Edgar dahil naniniwala

siyang hindi naman siya tanga. Bakit naging buong-buo ang tiwala niya rito? At naisip din niyang iyon ay dahil sa kabila ng pagkukuwento niya rito ng nangyari sa Sta. Teresita ay hindi nag-iba ang tingin nito sa kanya at parang lalo pa nga siyang minahal. Naniwala ito sa mga sinasabi niya, bagay na kinailangan niya noon mula kay Danilo na hindi nito nagawang ibigay. Ganoon pala kaimportante sa kanya kaya ang unang lalaking nagpakita sa kanya ng pananampalataya at buong pagtitiwala, minahal niya agad. At nang mangako na ito ng kasal, lalo na siyang naloko.

"Teka, sino ba itong kasama mo? Ay, si Pilar nga ba?!" ani Darling.

Nabigla siyang naaalala pa nito ang pangalan niya. Kunsabagay, madalas sila doon ni Danilo noon.

"Darling, kumusta na?" Bigla siyang

napatayo sabay yakap sa babae. Isa si Darling sa magagandang alaala ng lugar sa kanya.

"`Eto, beauty pa rin. At ikaw, ang ganda mo pa rin. Kaya naman patay na patay sa `yo si Mayor kahit noon! May balikan bang mangyayari?"

Naitakip ni Pilar ang mga kamay sa bibig, nag-init ang mga pisngi.

"Naku, Darling, mahiyain itong si Pie, kahit naman noon. Sa akin lang `yan nagpapakita ng totoo. `Kita mong ganyan `yan, nagpipigil ng kilig `yan."

Alam niyang nagbibiro lang ang lalaki pero lalo nang nag-init ang kanyang mukha.

"D-Dan, para kang sira," ingos niya pero hindi magawang tagalan ang pagtingin sa ngiti nitong buhay na buhay, abot na abot sa mga mata nitong may

kislap.

Kumindat ito sa kanya, tila sinasabing nagbibiro lang ito. Alam niya naman, kaso ay parang alam din nitong... kinikilig siya. Gutom at pagod lang siguro kaya may pag-alon sa dibdib niya sa presensiya ng lalaking ito.

"Naku, baka maubusan ng dugo at kanina pa pulang-pula." Ngumiti nang matamis si Darling, pinisil siya sa braso. "Kumusta ka na? Ang tagal mong hindi nagawi dito, ah?"

Naitanong niya kung nabalitaan kaya nito ang nangyari. Malamang dahil noon naman ay walang malaking balita sa kanilang lugar na hindi nakakaabot maski sa kadulu-duluhang baryo, palibhasa ay magkakakilala ang mga tao.

"Kung saan-saan din nakarating," sabi niyang nilakipan ng ngiti. Ayaw niya

namang magsinungaling tungkol sa nangyari sa kanya, kahit pa nga ayaw din niyang magkuwento.

"Saan?" patuloy ni Darling.

"Nag-abroad ako. Ikaw? Grabe, dati silog lang ang tinda, ngayon restaurant na!" sabi niya para mabaling na rito ang topic. Wala siyang balak ilahad ang talambuhay niyang mapakla sa kahit na sino. Lalong-lalong hindi kay Danilo.

Proud namang nagkuwento si Darling. "Ang anak ko nakapang-asawa ng Taiwanese. Nag-OFW din `yon, eh. Sa barko sila nagkakilala. Eh, no'ng una gustong doon na lang daw sa Taiwan tumira kasama ang mga apo ko." Tinundo nito ng daliri ang balikat ni Danilo. "Si Sweetie! Biruin mong ginustong itira ang mga apo ko sa Taiwan!" Bumaling ulit sa kanya ang babae, umaalog ang double chin

sa pagkukuwento. "Aba'y kako umuwi na lang sila dito at sila rin naman ang magmamana nitong kainan kaysa mag-factory worker siya doon at hindi naman siya makakapasok agad sa opisina dahil hindi naman marunong mag-Intsik. Wala rin naman silang sariling bahay do'n, makikisama pa sa biyenan."

Dumating na ang order nila sa puntong iyon. Naki-table naman si Darling sa kanila, nagpahatid ng inumin sa waitress.

"Kain, kain," anito, saka nagpatuloy. "Kako sa kanya, hindi niya alam kung paano makisama sa biyenan. Eh, hindi pa naman niya nakakasama nang matagal. Dito kako sa `kin ni hindi siya naglalaba, nagluluto, naghuhugas ng pinggan, doon gagawin niya lahat. May anak pa siya. Eh, kung dito, makakakuha siya ng yaya, puwede siyang tumao sa tindahan. Ang

asawa niya cook namang sadya, eh, di kako palakihin namin ang kainan at paglaon magtayo sila ng sarili. Ayaw no'ng una. Aba, tatlong buwan ding tumira `yan sa biyenan pero umuwi rin dito. Hindi nakatiis. Pa'no, ganyan `yong biyenang Intsik." Ibinukas-sara nito ang kamay.

Patingin-tingin dito si Pilar habang sumusubo rin. "Pero masarap magluto ang manugang mo, Darling."

"`Yan naman talaga ang wala akong masabi, sa luto niyan at sa ugali. Napakatiyaga. Kung naalala mo si Sweetie, mas bata sa inyo ng pitong taon `yon. Eh, hindi ba't kilala `yong masungit maski no'ng bata pa? Hala, hindi na nagbago ang ugali. Kaya nga nasa kaha lang siya at hindi puwedeng ilagay para humarap sa mga tao at mauubusan kami ng customer, lintyak na iyan!" Naihampas pa ni Darling ang

kamay sa mesa.

Natawa naman si Pilar, gayondin ang dalawang lalaki sa mesa.

"`Kow, napakahirap makisama sa biyenan. `Yan ang sinasabi ko sa lahat ng mga anak ko." Ngumiti ang babae sa kanya. "Sabagay, mabait naman ang nanay nitong si Mayor. Madali mong mapapakisamahan, Pilar."

Sukat nagkasamid-samid siya. Tawa nang tawa ang babae, maging sina Dan at Tinyente ay natawa rin. Nag-init na naman ang kanyang mukha.

"`Kita mo, Darling, pulang-pula na naman. `Wag mo kasing biruin nang ganyan at baka masira ang diskarte ko. Hindi pa nga ako nakakaporma nang husay, eh, mauunsiyami pa," sabi ng impakto.

Napatingin siya sa lalaki, pinandilatan

ito. Nakita ni Tinyente, natawa. Si Danilo ay kumindat lang sa kanya. Hindi na siya maka-react dahil baka naman din sabihing nagbibiro lang ay masyado niyang sineryoso. Ah, pagod lang siyang talaga. Maano ba at matatapos na rin ang napakahahabang araw na iyon.

Nagpatuloy ang kuwentuhan hanggang sa matapos na silang kumain. Inihanda ni Pilar ang sarili sa walang katapusang gabi pero salamat kay Danilo dahil nagpaalam ito kay Darling at sinabing babalik sila ulit kapag nakapagpahinga na siya.

Hindi sila pinagbayad ni Darling pero pasimpleng inabot ni Danilo ang bayad sa isang waiter. Siya naman ay binigyan ni Darling ng pabaong frozen Binondo kikiam, siopao, at asado.

Humiwalay na si Tinyente sa kanila. Inihatid na rin siya ni Danilo sa bahay.

Tahimik lang siya sa biyahe, gayondin ito. Nang makarating sa villa ay pinatuloy sila ni Mang Rene. Mayamaya pa ay pumarada na sila sa tapat ng bahay.

Hinubad ni Danilo ang helmet, pero hindi na bumaba ng motor.

"Sure ka ba na okay lang bumiyahe ka nang nag-iisa?" aniya. Ngayon lang siya nakakita ng mayor na hindi natatakot bumiyahe nang solo at sa motorsiklo pa.

Tumawa ito. "Wala akong kaaway. Bakit, nag-aalala ka sa akin?"

Napairap siya. "Siyempre. Baka kung ano pa mangyari sa `yo, konsiyensiya ko pa."

Tumawa ito. "Ang cute mo, Pie."

Napabuga siya. "Puwede ba, Dan?"

"Puwedeng-puwede." Kumindat ito saka isinuot ang helmet. "Masaya akong makita ka ulit, Pie. Welcome back sa Sta.

Teresita."

Ayaw man, mayroong kung anong pagkibot siyang nadama sa puso, isang init na ayaw niyang pakaisipin sa ngayon. Hindi ito ang ipinunta niya sa Sta. Teresita.

"S-Salamat," aniya.

Ibinaba na na nito ang shield ng helmet, nakangiti pa rin, saka sinabi, "Pumasok ka na."

Tumango siya at naglakad na nga papasok. Bumukas ang pinto. Naroon si Nanay Helen. Tumuloy na rin siya, saka muling tumingin kay Danilo. Saka pa lang nito pinaandar ang motorsiklo.

"Sadyang napakabait po ni Mayor," komento ni Nanay Helen.

Tumango na lang siya, hindi alam kung ano ang ikokomento. Mabait? Iyon din ang inakala niya noon pero kalaunan, pinaalis siya sa Sta. Teresita ng "mabait."

Para tuloy panaginip ang nangyayari ngayon dahil umaakto ang lalaki na parang hindi masama ang huli nilang pagkikita.

O baka siya lang ang hindi pa rin maka-move on.